



IKA-9 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 1 / (Pula)

San Justino

Salmo 91:1-2, 14-15b, 15k-16

*D'yos kong tapat at totoo,
ikaw lang ang pag-asa ko.*

Unang Pagbasa: 2 Pedro 1:2-7

Ebanghelyo: Marcos 12:1-12

At nagsimula siyang magsalita sa talinhaga. “May nagtanim ng ubasan; binakuran ang paligid nito, humukay para sa pisaan ng ubas, at nagtayo ng toreng bantayan. Pinaupahan niya ang ubasan sa mga magsasaka at naglakbay sa malayo.

Nang panahon na ng anihan, pinapunta niya ang isang katulong sa mga magsasaka para kubrahin ang bahagi niya sa ani. Ngunit sinunggaban nila ito at pinaalis na walang dala. Nagpadala uli sa kanila ang may-ari ng isa pang katulong pero hinampas ito sa ulo at hinamak. Nagpadala rin siya ng iba ngunit pinatay naman ito. At marami pa rin siyang ipinadala; hinampas ang ilan sa kanila at pinatay ang iba.

Mayroon pa siyang isa, ang minamahal na anak. At ipinadala niya siyang pinakahuli sa pag-aakalang ‘Igagalang nila ang aking anak.’ Ngunit nang makita siya ng mga magsasaka, inisip nila: ‘Ito ang tagapagmana. Patayin natin siya at mapapasaatin ang mana.’ Kaya hinuli nila siya at pinatay, at itinaapon sa labas ng ubasan.

Ano ngayon ang gagawin ng may-ari ng ubasan? Darating siya at lilipulin ang mga magsasaka at ibibigay ang ubasan sa iba. Hindi ba ninyo nabasa ang Kasulatang ito? Naging panulukang bato ang tinanggihan ng mga tagapagtayo. Gawa ito ng Panginoon, at kahanga-hanga ang ating nakita.”

Huhulihin na sana nila siya pero natakot sila sa mga tao. Naunawaan nga nila na sila mismo ang tinutukoy niya sa talinhagang ito. Iniwan nila siya at lumayo.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Charles Jocris M. Mortela, CMF

DATE OF ESTABLISHMENT: 2008, St. Michael, The Archangel Parish

Pagmamaisid

Sa ating buhay, sino ang mga taong hindi natin nabigyan ng sapat na halaga, mga kabataan, mga tagapaglingkod, o mismong mga sugo ng Diyos?

Paghahawi

Sa kwento ng ubasan, paulit-ulit na nagpadala ang may-ari ng mga lingkod upang kunin ang bunga ng kanyang pag-aari. Ngunit sila’y tinanggihan, sinaktan, at pinatay. Sa huli pinadala niya ang Kanyang minamahal na anak. “At ipinadala niya siyang pinakahuli sa pag-aakalang ‘Igagalang nila ang aking anak.’ Ngunit nang makita siya ng mga magsasaka, inisip nila: ‘Ito ang tagapagmana. Patayin natin siya at mapapasaatin ang mana.’

Pagtatabas

Tinatanggap ko ba ang mga lingkod na ipinapadala ng Diyos?

Pagsasaayos

Pinagkatiwala ng Diyos sa atin ang ubasan, hindi para angkinin, kundi pagyamanin at ibahagi. Isaayos natin ang ating pananaw sa misyon, hindi ito tungkol sa akin, kundi sa paglilingkod. Tinutugunan ko ang paanyaya ng Diyos nang may pananagutan at paggalang. Tinatanggap ko ang mga lingkod na Kanyang ipinapadala, sa salita, sa gawa, sa katauhan ng kapwa. Sa ubasan ng Diyos, ako’y katiwala. At araw-araw, pinipili kong maging tapat.

Pagdiriwang

Panginoon, gawin Mo kaming tapat na katiwala ng Iyong ubasan, mapagpakumbaba sa paglilingkod, bukas-palad sa pagbabahagi, at masigasig sa pagtugon sa Iyong paanyaya. Amen.

IKA-9 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Pula)

San Marcelino at San Pedro

Salmo 90:2, 3-4, 10, 14 at 16

Poon, amin kang tahanan noon,
ngayon at kailanman.



Unang Pagbasa:

2 Pedro 3:12-15a, 17-18

Habang hinihintay ninyo at napapadali ang pagdating ng araw ng Diyos. Sa araw na iyon, wawasakin ng apoy ang mga kalangitan at matutunaw ang mga sangkap ng sanlibutan dahil sa init. Naghihintay naman tayo ng *bagong langit* at ng bagong lupa na pinaghaharian ng katarungan gaya ng ipinangako ng Diyos.

Ito, mga kaibigan, ang dapat ninyong hin-tayin, sikapin ninyong matagpuan ng Diyos kayong nakaugat sa kapayapaan, walang dungis at kapintasan. Ituring ninyong kaligta-san ang pagpapaliban ng Panginoon.

Nababalaan na kayo, mga minamahal, kayat pag-ingatan ninyo na huwag kayong matangay sa pandaraya ng mga walang-batas na iyon at mawalan ng katatagan. Sa halip, lumago sa biyaya at pagkakilala kay Jesucristo na ating Panginoon at Tagapagligtas. Sa kanya ang kaluwalhatian, ngayon at magpakailanman. Amen.

Ebanghelyo: Marcos 12:13-17

Gusto nilang huli-hin si Jesus sa sarili niyang mga salita. Kaya pinapunta kay Jesus ang ilan sa mga Pariseo kasama ng mga kampi kay Herodes. Nilapitan nila siya at sinabi: "Guro, nalalaman naming tapat ka at hindi napadadala sa iba. Hindi ka nagsasalita ayon sa kalagayan ng tao kundi tunay na itinaturo ang daan ng Diyos. Kaya ayon ba sa Batas na magbayad ng bu-wis sa Cesar?"

Nang makita ni Jesus ang kanilang pag-kukunwari, sinabi niya sa kanila: "Bakit ninyo ako sinusubok? Akin na ang isang denaryo." Iniabot nila sa kanya ang isang denaryo at sinabi sa kanila ni Jesus: "Sino ang nakalarawan dito, na narito rin ang kanyang pangalan?" Sumagot sila: "Ang Cesar." At sinabi niya sa kanila: "Ibigay nga sa Cesar ang para sa Cesar, at sa Diyos ang para sa Diyos."

Lubha silang namangha sa kanya.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Allan Samonte

Pagmamasiid

Naranasan mo na bang subukin ang Diyos?

Paghahawi

Nang makita ni Jesus ang pagkukunwari ng mga Pariseo, tinanong Niya sila: "Bakit ninyo ako sinusubok?" Dagdag Niya: "Ibigay sa Cesar ang para sa Cesar, at sa Diyos ang para sa Diyos."

Pagtatabas

Tama ba ito ba na maging tulad tayo sa mga Pariseo na sinusubukan si Jesus? Na tila hindi lubos ang pananalig natin sa Kanya?

Pagsasaayos

Sinubok si Jesus ng mga Pariseo at Herodiano, hindi upang matuto, kundi upang mahuli sa salita. Ngunit sa halip na mahulog sa bitag, ipinakita ni Jesus ang karunungan ng Diyos: ang pagkilala sa tamang kaayusan ng buhay panlipunan at espirituwal.

Sa ating panahon, may mga pagkakataong sinusubok din natin ang Diyos, sa ating mga tanong, pag-aalinlangan, o pagnanais ng kontrol. Minsan, nahahalaan ng pagkukunwari ang ating pananalig: nagsisimba ngunit hindi naglilingkod, nagdarasal ngunit hindi nagtitiwala, tumatanggap ngunit hindi nagbibigay. Alisin natin ang pagkukunwari, at hayaang maging tapat sa Diyos ang puso. Ibigay sa lipunan ang nararapat, katarungan, pakikiisa, paggalang. Ngunit higit sa lahat, ibigay sa Diyos ang buong puso, ang buong tiwala, ang buong buhay.

Pagdiriwang

Makapangyarihang Ama, tulungan Mo po kaming ibigay ang aming tiwala sa Iyo. Amen.



IKa-9 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Pula)
San Carlos Lwanga at mga kasama

Salmo 123:1b-2ab, 2kdef
*Ang mata ko'y nakatuon
sa'yo lamang, Panginoon.*

Unang Pagbasa:
2 Timoteo 1:1-3, 6-12*

Ebanghelyo: Marcos 12:18-27

Lumapit naman kay Jesus ang mga Saduseo. Sinasabi ng mga ito na walang pagkabuhay na muli, kaya nagtanong sila: "Guro, isinulat ni Moises para sa amin: 'Kung may mga magkakapatid na lalaki at mamatay na walang anak ang isa sa kanila, kailangang kunin ng kanyang kapatid ang kanyang asawa upang magpasibol ng supling sa kanyang kapatid.' Ngayon, may pitong magkakapatid. Nag-asawa ang panganay at namatay na walang anak. Kaya kinuha ng ikalawa ang kanyang asawa, at namatay ring walang anak. Ganito rin ang nangyari sa pangatlo. Silang pito nga ay namatay nang hindi nagkaanak. At sa huli'y namatay din ang babae. Ngayon, sa muling pagkabuhay, kung mabubuhay silang muli, kanino sa pito siya magiging asawa? Ang pito nga ang umangkin sa kanya."

Sumagot si Jesus: "Di kaya bunga ng di ninyo pagkaunawa sa Kasulatan at sa kapangyarihan ng Diyos ang inyong pagkakamali? Sa muling pagkabuhay nga nila, hindi na mag-aasawa ang lalaki o babae kundi para na silang mga anghel sa Langit.

At tungkol naman sa mga patay at sa muling pagkabuhay, hindi ba ninyo inunawa ang sinabi sa inyo ng Diyos sa aklat ni Moises, sa kabanata ng palumpong: *Ako ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac at ang Diyos ni Jacob?* Hindi siya Diyos ng mga patay kundi ng mga buhay. Maling-mali kayo."

Pagmamasisid

Ano ang paniniwala natin tungkol sa mga namatay? Naniniwala ba tayo na nasa piling sila ng Diyos, at may buhay na higit pa sa kamatayan?

Paghahawi

Paliwanag ni Jesus: "Tungkol sa mga patay at muling pagkabuhay, hindi ba ninyo inunawa ang sinabi ng Diyos sa aklat ni Moises, 'Ako ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob?' Hindi siya Diyos ng mga patay kundi ng mga buhay."

Pagtatabas

Bilang isang Katoliko, tunay bang pinaniniwalaan natin na muling nabuhay si Jesus, at dahil dito, may pag-asa rin tayo sa buhay na walang hanggan?

Pagsasaayos

Bilang mga tagasunod ni Kristo, pinananaligan natin ang Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Sa Kanyang sakripisyo, niligtas tayo mula sa kasalanan. At sa Kanyang muling pagkabuhay, binuksan Niya ang pintuan ng buhay na walang hanggan.

Hindi lamang alaala ng nakaraan ang ating pananampalataya kundi buhay na pag-asa sa hinaharap. Kasama ang ating mga mahal sa buhay na nauna na sa atin, umaasa tayong makapiling ang Diyos magpakailanman.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, palakas Mo ang aming pananampalataya at ipaunawa sa amin ang lyong awa, na sa lyong kamatayan, niligtas Mo kami at pinasilip sa hiwaga ng muling pagkabuhay, at buhay na walang hanggan sa piling Mo.

IKA-9 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO Salteryo: Linggo 1 / (Luntian)

Salmo 25:4-5ab, 8-9, 10 at 14
*Poon, ang iyong landas'y
iyong ituro sa akin.*



Huwebes
04 HUNYO

Unang Pagbasa: 2 Timoteo 2:8-15

Alalahanin mo si Jesucristo na mula sa lahi ni David, na muling binuhay ayon sa aking Ebanghelyo. Dahil dito kaya ako nagtitiis at nakagapos na gaya ng isang kriminal, ngunit hindi maigagapos ang salita ng Diyos. At tinitii ko ang lahat alang-alang sa mga hinirang upang makamit din nila ang kaligtasan kay Kristo Jesus, taglay ang walang hanggang kaluwalhatian.

Totoo ang kasabihang ito: *Kung kasama niya tayong namatay, kasama niya tayong mabubuhay;*

Kung magtitiis tayo, kasama rin niya tayong maghahari;

Kung itatakwil natin siya, itatakwil din niya tayo;

Kung hindi tayo tapat, tapat pa rin siya sa-pagkat hindi niya maitatakwil ang kanyang sarili.

Ito rin ang ipaalaala mo sa kanila at iutos sa harap ng Diyos: tigilan na nila ang mga argumento; alam mong walang silbi ang mga ito at nililito lamang ang mga nakikinig. Pagsikapan mong maging subok na utusan para sa Diyos, isang manggagawang walang kapintasan na ginagamit nang mahusay ang salita ng katotohanan.

Ebanghelyo: Marcos 12:28-34

May isang guro ng Batas na nakarinig sa pagtatalo nila. Nang mapansin niyang tama ang sagot ni Jesus sa mga Sadduseo, lumapit siya at nagtanong kay Jesus: “Ano ang una sa lahat ng utos?”

Sumagot si Jesus na “Ito ang una: *Makinig nawa, O Israel! lisa lang ang Panginoong ating Diyos. At mamahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, nang buo mong kaluluwa, nang buo mong pag-iisip at nang buo mong lakas. At pangalawa naman ito: Mamahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Wala nang utos na mas mahalaga pa kaysa mga ito.*”

Kaya sinabi ng guro ng Batas: “Mabuti, Guro, totoo ang sinabi mong isa Siya at wala na maliban sa kanya. At ang mahalin siya nang buong puso at nang buong kaluluwa at nang buong lakas, at mahalin din ang kapwa gaya ng sarili ay mas mahalaga kaysa mga sinunog na handog at mga alay.”

Nakita ni Jesus na tama ang sinabi nito kaya sinabi niya: “Hindi ka malayo sa kaharian ng Diyos.” At wala nang nangahas magtanong sa kanya.

Pagmamasiid

Marami sa atin naging alipin ng tagumpay, kayamanan o kasikatan.

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: “lisa lang ang Panginoong ating Diyos. Mamahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, kaluluwa, pag-iisip at lakas. Pangalawa: Mamahalin mo ang iyong kapwa, gaya ng iyong sarili. Wala nang utos na mas mahalaga pa kaysa mga ito.”

Pagtatabas

Nalilimutan ba natin ang Diyos kapag naging matagumpay tayo at nagkaroon ng yaman at kapangyarihan sa trabaho o komunidad? Nalilimutan ba natin na Siya ang pinagbuhatan ng lahat ng ito?

Pagsasaayos

Hindi nakasentro ang tunay na pananampalataya sa ritwal o tagumpay, kundi sa relasyon, una sa Diyos, at pangalawa sa kapwa.

Marami ang nakakalimot sa Diyos kapag yumaman, naging sikat o makapangyarihan. Kung minsan, nagiging diyos pa natin ang mga ito.

Huwag tayong maging alipin ng kasikatan, kapangyarihan, o salapi. Hindi ito ang nagbibigay ng kaligayahan sa buhay. Ang pagmamahal sa kapwa ang nagbibigay kahulugan sa ating pagkatao, tungo sa pagmamahal sa Diyos na pinanggagalingan ng lahat ng pagpapala.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa iyong walang-hanggang pagmamahal at awa sa amin. Patawarin Niyo kami sa aming pagka-makasariili. Kaawaan, lingapin at turuan Niyo kaming magmahal sa Inyo at sa kapwa.



IKA-9 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Pula)

San Bonifacio

Salmo 119:157, 160, 161, 165, 166, 168

*O Panginoon, dakilang kapayapaan
para sa mga umiibig sa iyong kautusan.*

Unang Pagbasa: 2 Timoteo 3:10-17

Ngunit sinundan mo ang aking aral, pamumuhay, layunin, pananampalataya, lawak ng pang-unawa, pag-ibig, pagtitiis. Alam mo ang mga pag-uusig at hirap na dinanas ko sa Antiokiya, Iconio at Listra. Matinding pag-uusig na aking tiniis! At mula sa lahat sinagip ako ng Panginoon. Uusigin nga ang lahat ng naghahangad sa banal at Kristiyanong pamumuhay, samantalang pasama naman nang pasama ang mga masasama at mandaraya, ang mga manlilinlang at nalililang.

Manatili ka sa iyong natutuhan at ipinagkatiwala sa iyo: alam mo kung sino ang nagturo sa iyo. Alam mo na ang mga banal na Kasulatan mula pa sa iyong kamusmusan. Ito ang magiging karunungan mo tungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng Kristiyanong pananampalataya. Bunga ng espiritu ng

Diyos ang tanang nasa Kasulatan at kapakinabang sa pagtuturo, pagkumbinsi, pagtutuwid at pagpapakabanal, upang maging handa ang maka-Diyos sa lahat ng mabubuting gawa.

Ebanghelyo: Marcos 12:35-37

Sa pagtuturo ni Jesus sa Templo, sinabi niya: “Ano’t sinasabi ng mga guro ng Batas na anak ni David ang Mesiyas? Sinabi nga ni David nang kasihan siya ng Espiritu Santo: *‘Ang sabi ng Panginoon sa aking Panginoon: Umupo sa aking kanan hanggang ilagay ko ang iyong mga kaaway sa ilalim ng iyong mga paa.’*

Kung tinatawag siya ni David mismo na Panginoon, puwede bang anak siya ni David?”

Nasisiyahan ang bayan sa pakikinig sa kanya.

Pagmamaisid

Naranasan mo na bang pagdudahan ang iyong pagkakakilanlan—na hindi ka raw tunay na anak ng iyong mga magulang, kundi anak ng iba? Sa gitna ng pagdududa ng iba, paano mo pinanghawakan ang katotohanan tungkol sa iyong pinagmulan?

Paghahawi

Sa pagtuturo ni Jesus sa Templo, sinabi Niya: “Ano’t sinasabi ng mga guro ng Batas na anak ni David ang Mesiyas? Kung tinatawag Siya ni David mismo na Panginoon, puwede bang anak Siya ni David?”

Pagtatabas

Pinagdudahan ko rin ba ang pagka Diyos ni Jesus?

Pagsasaayos

Sa Ebanghelyo, pinagdudahan ng ilan ang pagkakakilanlan ni Jesus bilang Anak ni David. Ngunit ipinakita Niya na ang Kanyang pagka-Mesiyas sa higit pa sa inaasahan ng tao.

Malawak at malalim ang pang-unawa ni Jesus sa anumang duda natin sa Kanya. Hindi lamang Siya dakilang guro at propeta kundi ang tunay na Anak ng Diyos na nagkatawang-tao. Manatili tayo sa katotohanang ito na mula sa Banal na Kasulatan.

Pagdiriwang

Ama, tibayan Niyo ang aming pananampalataya, upang manatiling manalig na ang Panginoong Jesus, tunay na Diyos na naging totoong tao.


IKA-9 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Puti)

San Norberto / Mahal na Birheng Maria

Salmo 71:8-9, 14-15ab, 16-17, 22

Ang puso ko ay nagagalak sa Panginoon,
ang aking Tagapagligtas.



Sabado

HUNYO

06

Unang Pagbasa: 2 Timoteo 4:1-8

Inuutusan kita sa harap ng Diyos at ni Kristo Jesus na huhukom sa mga buhay at mga patay, at sa hinaharap na pagpapakita niya at paghahari: ipangaral mo ang Salita, ipilit ito, napapanahon man at hindi, nang may pangungumbinsi, pagtutuwid at pangangaral nang may tiyaga at aral. Darating nga ang panahon na hindi na matatagalan ng mga tao ang mabuting aral; sa halip, maghahanap sila ng mga gurong magsasabi ng gustong marinig ng kanilang makakating tainga. Lalayo sila sa pakikinig sa katotohanan at babalik sa mga kuwento. Lagi kang maging maingat, matiisin, kumilos bilang tagapangaral ng Ebanghelyo, tuparin ang iyong tungkulin.

Malapit na akong ihain bilang sakripisyo at nalalapit na ang panahon ng aking pag-yao. Ipinaglaban ko ang mabuting laban, natapos ko na ang takbuhan, naingatan ko ang ipinagkatiwala sa akin. May nakalaan nga sa aking korona ng kabanalan na gantimpala sa akin ng Panginoon sa araw na iyon. Makatarungan siyang hukom at hindi lamang ako ang bibigyan niya, kundi lahat ng naghihintay sa kanyang pagdating.

Ebanghelyo: Marcos 12:38-44

Kaya sinabi niya sa kanyang pagtuturo: “Mag-ingat kayo sa mga guro ng Batas na gustong lumakad na nakabarong at batiin ng mga tao sa liwasan, at mabigyan ng pangunahing lugar o upuan sa mga handaan at sa sinagoga. Nang-uubos sila ng mga bahay ng mga biyuda, at nagdarasal nang mahaba para may idahilan. Napakatindi ng magiging hatol sa mga ito.”

Naupo si Jesus sa tapat ng kabang-yaman at tiningnan ang paghuhulog ng mga tao ng pera para sa Templo. Maraming mayamang nagbigay ng malalaking halaga. At may dumating na isang pobrang biyuda na naghulog ng dalawang barya.

Kaya tinawag ni Jesus ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanila: “Talagang sinasabi ko sa inyo na pinakamahalaga sa lahat ang inihulog ng biyudang ito sa kabang-yaman. Naghulog nga ang lahat mula sa sobra nila, ngunit siya nama’y mula sa kanyang kasalanan. Inihulog nga niya ang lahat ng nasa kanya – ang mismong ikabubuhay niya.”

Pagmamaisid

May isang mahirap na ina na bumili ng tinapay para sa kanyang mga anak. Ngunit binigyan niya pa rin ng tinapay ang humihinging batang pulubi. Ngumiti ang pulubi sa natanggap. Tulad ba ako ng babaeng ito?

Pagahahawi

“Talagang sinasabi ko sa inyo na pinakamahalaga sa lahat ang inihulog ng biyudang ito sa kabang-yaman.

Pagtatabas

Tulad ba ako ng biyuda sa ebanghelyo na nagbibigay sa gitna ang kahirapan?

Pagsasaayos

Hindi ito tungkol sa laki o dami ng handog, kundi sa halaga ng puso na nag-aalay. Tinuturuan ako ng biyuda na magtiwala sa Diyos, kahit sa gitna ng kakulangan, na hindi palaging madali ang pagbibigay ngunit laging makabuluhan. Sa bawat pagkakataong magbahagi, pinipili kong maging bukas-palad, hindi dahil sobra ako, kundi dahil nananalig ako na ang Diyos ang tunay na nagbibigay-lakas at kabutihan.

Pagdiriwang

Ama, nawa mapahalagahan namin ang kahulugan ng tunay na pagbibigay, ayon sa pangangailangan ng kapwa, hindi sa aming sobra, kundi mula sa aming puso, at ayon sa Iyong Kalooban.

Unang Pagbasa: Deuteronomio 8:2-3, 14b-16a

Alalahanin mo ang lahat ng daang pinagdalan sa iyo sa disyerto ni Yaweng Diyos mo sa loob ng apatnapung taong ito. Pinapaghirap ka niya at ginutom upang subukan ka at malaman ang nasa iyong puso, kung tutuparin mo nga ang kanyang mga utos o hindi. Subalit pinakain ka niya ng manna na hindi mo alam ni ng iyong mga ninuno upang ipakita sa iyo na hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa lahat ng namumutawi sa bibig ni Yawe mabubuhay ang tao.

Huwag maging palalo ang iyong puso at huwag limutin si Yaweng iyong Diyos na naglabas sa iyo mula sa lupain ng Ehipto, mula sa bahay ng pagkaalipin. Siya ang umakay sa iyo para makalampas sa malawak

at nakatatakot na disyertong puno ng mga “apuy-apuyang” ahas at mga alakdan, isang lupaing tigang at walang tubig. Subalit pinabukal niya ang tubig para sa iyo mula sa napakatigas na bato. At pinakain ka niya sa disyerto ng mannang hindi alam ng iyong mga ninuno.

Ikalawang Pagbasa: 1 Corinto 10:16-17

Ang kopa ng pagpapala na ating pinagpapala, hindi ba ito ang pakikibahagi sa dugo ni Kristo? Ang tinapay na ating pinaghahati-hati, hindi ba ito ang pakikibahagi sa katawan ni Kristo? Dahil iisa ang tinapay, nagiging iisang katawan tayong lahat sa pakikibahagi natin sa iisang tinapay.

Ebanghelyo: Juan 6:51-58

Ako siyang tinapay na buhay, na pumanaog mula sa Langit. Kung may kakain ng tinapay na ito, mabubuhay siya magpakailanman. At ang laman ko ang tinapay na aking ibibigay alang-alang sa ikabubuhay ng mundo.

Kaya nagtalu-talo ang mga Judio at nag-salita: “Paano tayo mabibigyan ng taong ito ng laman para kainin?” Sinabi naman ni Jesus sa kanila: “Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, kung hindi n’yo kakanin ang laman ng Anak ng Tao at iinumun ang kanyang dugo, wala kayong buhay sa inyong sarili. May buhay magpakailanman ang ngumunguya ng aking laman at umiinom ng aking dugo, at itatayo ko siya sa huling araw.

Sapagkat totoong pagkain ang aking laman at totoong inumin ang aking dugo. Ang ngumunguya ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay namamalagi sa akin at ako naman sa kanya. Sinugo nga ako ng Amang buhay at buhay ako dahil sa Ama, gayundin naman dahil sa akin mabubuhay ang ngumunguya sa akin.

Ito ang tinapay na pumanaog mula sa Langit, hindi gaya sa inyong mga ninuno na kumain at nangamatay pa rin. Mabubuhay naman magpakailanman ang ngumunguya ng tinapay na ito.”



“Ako siyang tinapay na buhay,
na pumanaog mula sa Langit.
Kung may kakain ng tinapay na ito,
mabubuhay siya magpakailanman.”

BIRTHDAY: Rev. Fr. John Paul S. Adia

Pagmamasid

Tinatanggap ba natin palagi ang Katawan at Dugo ni Jesus sa Banal na Eukaristiya?

Paghahawi

Winika ni Jesus, “Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo, mananatili sa akin, at ako naman sa kanya.”

Pagtatabas

Malinaw ba sa akin ang epekto ng aking pagtanggap sa Katawan at Dugo ni Kristo?

Pagsasaayos

Inilapit ni Jesus ang Kanyang sarili sa atin sa pamamagitan ng Banal na Eukaristiya. Bilang tagasunod Niya, naniniwala tayo na tunay na Katawan at Dugo ni Kristo ang ating tinatanggap sa Komunyon.

Sa turo ng Simbahan, sa bahagi ng Konsagrasyon sa Misa, nagiging tunay na Katawan at Dugo ni Kristo ang tinapay at ang alak. Tuwing Misa, nagaganap ang himalang ito. Totoo ang pangako Niya na kapiling natin Siya hanggang sa huling panahon.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa Iyong presensya sa aming buhay tuwing tinatanggap namin Kayo sa Banal na Komunyon. Salamat sa Inyong pananahan at pananatili sa amin na tumutulong na maisabuhay namin ang Inyong mga aral at turo.

Lunes
HUNYO

08



**IKA-10 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHON**
Salteryo: Linggo 2 / (Luntian)

Salmo 121:1bk-2, 3-4, 5-6, 7-8
*Sa pangalan ng Maykapal,
tayo ay tinutulungan.*

Unang Pagbasa: 1 Hari 17:1-6

Nang panahong iyon, sinabi kay Ahab ni Elias na taga-Tisbe ng Galaad: "Kung paanong buhay si Yaweng Diyos ng Israel na pinaglilingkuran ko, di magkakahamog o uulan sa mga taong ito malibang iutos ko."

Dumating kay Elias ang salita ni Yawe: "Umalis ka rito at magpunta ka pasilangan. Magtago ka sa may batis ng Kerit sa silangan ng Jordan. Sa batis ka iinom; at para sa iyong pagkain, inutusan ko na ang mga uwak na pakanin ka roon."

At umalis nga siya at ginawa ang sinabi ni Yawe. Nagpunta siya at tumira sa may batis ng Kerit sa silangan ng Jordan. Dinalhan siya roon ng mga uwak ng tinapay sa umaga, at karne sa gabi; at sa batis nga siya uminom.

Ebanghelyo: Mateo 5:1-12

Nang makita ni Jesus ang makapal na tao, umahon siya sa bundok. Naupo siya roon at lumapit sa kanya ang kanyang mga alagad. At nagsimula siyang magturo sa kanila:

"Mapapalad ang mga may diwa ng dukha sapagkat sa kanila ang Kaharian ng Langit.

Mapapalad ang mga nagluluksa sapagkat pagiginhawahin sila.

Mapapalad ang mga di-marahas sapagkat mapapasakanila ang lupain.

Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katarungan sapagkat bubusugin sila.

Mapapalad ang mga maawain sapagkat kaaawaan sila.

Mapapalad ang mga may busilak na puso sapagkat makikita nila ang Diyos.

Mapapalad ang mga nagpupunyagi para sa kapayapaan sapagkat tatawagin silang mga anak ng Diyos.

Mapapalad ang mga pinag-uusig dahil sa katarungan sapagkat kanila ang Kaharian ng Langit.

Mapapalad kayo kung iniinsulto kayo at pinag-uusig at sinisiraang-puri dahil sa akin. Magsaya kayo at magalak sapagkat malaki ang gantimpalang nasa Diyos para sa inyo. Ganito rin pinag-usig ang mga propetang nauna sa inyo.

Pagmamasisid

Kapag nagbabahagi ka ng mabuting balita sa iyong kapwa, may pagkakataon bang pinagtatawanan, itinatboy, tinatalikuran, o kinukutya ka ng mga nakakarinig sa iyo?

Paghahawi

Pangaral ni Jesus: "Mapapalad kayo kung iniinsulto kayo, pinag-uusig, at sinisiraang-puri dahil sa akin. Magsaya kayo at magalak, sapagkat malaki ang gantimpalang nasa Diyos para sa inyo. Ganito rin pinag-usig ang mga propetang nauna sa inyo."

Pagtatabas

Tunay nga bang mahirap magpahayag ng Mabuting Balita sa panahon ngayon? Walang gustong makinig at kung minsan, lalaitin ka pa?

Pagsasaayos

May mga taong abala sa makamundong bagay at alalahanin, at hindi na pinakikinggan ang tungkol sa Panginoon. Sa kanila, pag-aaksaya lamang ito ng panahon. Mukhang trabaho, pera, at kasiyahan ang mas mahalaga sa kanila.

Magsikap lang tayong laging ibahagi ang Mabuting Balita sa iba't-ibang paraan na makikinig ang kapwa. Magpatuloy tayo sa pagpapahayag ng Salita ng Diyos nang may galak, hindi sa salita lamang, kundi pati sa gawa. Nakikita ng Diyos ang ating pagsisikap. Gagantimpalaan Niya ang mabuting gawa na walang sawa at buong saya nating isinusulong.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, bigyan Niyo kami ng lakas sa aming misyon bilang Inyong tagasunod. Subaybayan, ingatan, at lingapin Niyo kaming lagi. Amen.

IKA-10 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Puti)
San Efren

Salmo 4:2-3, 4-5, 7b-8

Poon, sa'mi'y pasikatin
liwanag sa iyong piling.



Martes
09 HUNYO

Unang Pagbasa: 1 Hari 17:7-16

Hindi nagtagal, natuyo ang batis sapagkat hindi umuulan sa lupain. Dumating sa kanya ang salita ni Yawe: "Tumindig ka at pumunta sa Sarepta ng Sidon, at doon ka tumira. Inutusan ko na ang isang biyuda roon para bigyan ka ng pagkain." At tumindig nga si Elias at nagpa-Sarepta. Pagdating niya sa may pintuan ng bayan, nakita niya ang isang biyudang namumulot ng mga patpat. Tinawag niya iyon at sinabi: "Dalhan mo naman ako ng kaunting tubig sa sisidlan para makainom ako."

Paalis na ang biyuda para kumuha ng tubig nang tawagin siya ni Elias at sabihing "Pakidalhan mo na rin ako ng kapiirasong tinapay." Ngunit sumagot ang biyuda: "Saksi ko si Yaweng iyong Diyos na wala ako ni isang tinapay kundi isang dakot na lamang ng harina sa garapon at kaunting langis sa bote. At heto, namumulot nga ako ng ilang patpat para iuwi at makapaghanda ng makakain para sa akin at sa aking anak na lalaki para makakain kami – at pagkatapos ay mamatay."

Sinabi ni Elias sa biyuda: "Huwag kang matakot. Umuwi ka at gawin mo ang iyong sinabi, pero ipagluto mo muna ako ng maliit

na tinapay mula roon, at dalhin mo sa akin. At saka ka magluto ng para sa iyo at sa iyong anak. Sapagkat ganito ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng Israel: Hindi mauubos ang harina sa garapon at hindi masasaid ang langis sa bote hanggang sa araw na paulanin ni Yawe sa lupa."

Umalis ang biyuda at ginawa ang sinabi ni Elias. At nagkaroon ng pagkain sa araw-araw para sa kanya, kay Elias at sa kanyang anak. Hindi naubos ang harina sa garapon at hindi nasaid ang langis sa bote, gaya ng salitang binitawan ni Yawe sa pamamagitan ni Elias.

Ebanghelyo: Mateo 5:13-16

Kayo ang asin ng mundo. Ngunit kung mawalan ng lasa ang asin, paano pa ito mapaalat na muli? Wala na itong silbi. Itatapon na lamang at tatapakan ng mga tao. Kayo ang ilaw ng mundo. Hindi maitatago ang lunsod na itinayo sa tuktok ng bundok. Hindi rin sinisindiha ang ilaw para takpan ng kahon, sa halip ay inilalagay ito sa isang lampara at tumatanglaw sa lahat ng nasa bahay. Gayundin naman ang inyong liwanag sa paningin ng mga tao; at makikita nila ang inyong mabubuting gawain at pupurihin nila ang inyong Amang nasa langit.

PARISH FIESTA:

Sacred Heart of Jesus Parish | Hearts of Jesus and Mary Parish

Pagmamasiid

Ano ang ibig sabihin ng pagiging ilaw at pagbibigay ng liwanag sa iyong pamilya, parokya at komunidad?

Paghahawi

Paliwanag ni Jesus: "Kayo ang ilaw ng mundo. Hindi sinisindiha ang ilaw para takpan ng kahon... inilalagay ito sa isang patungan upang matanglawan ang lahat ng nasa bahay. Gayundin, dapat ninyong paliwanagin ang inyong liwanag sa paningin ng mga tao. Makikita nila ang inyong mabubuting gawain, at pupurihin nila ang inyong Amang nasa langit."

Pagtatabas

Bakit kaya may pagkakataong nawawala ang liwanag ng pananampalataya sa ating buhay?

Pagsasaayos

Minsan, nahihiya tayong ipakita ang liwanag, at pilit natin itong itinatago sa mga kapwa. Makakatulong sana ito sa pagpapalalim ng kanilang pananampalataya. Nakakatanggap tayo ng liwanag, hindi lamang para sa sarili, kundi upang maibahagi rin natin ang liwanag sa ating pamilya, parokya at komunidad. Isabuhay natin ang ating itinuturo, upang makita rin ito sa ating gawa. Sa ating pagbabahagi ng liwanag, parehong nahuhubog at nabibiyayaan tayo at ang kapwa.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa liwanag na patuloy Ninyong ibinibigay araw-araw sa aming lahat. Nawa, lagi naming maibahagi ito sa kapwa, lalo na sa nangangailangan, para sa Inyong Kaluwalhatian.



Unang Pagbasa: 1 Hari 18:20-39*

(...) Sinabi ni Elias sa bayan: "Ako na lamang ang natitirang propeta ni Yawe pero apatnaraa't limampu ang propeta ni Baal. Bigyan ninyo kami ng dalawang batang toro. Pumili sila ng isa para sa kanila, putul-putulin iyon at ilagay sa ibabaw ng kahoy pero huwag sindihan. Gayon din ang gagawin ko sa isa pang toro: ilalagay sa ibabaw ng kahoy pero hindi sisindihan. At tumawag kayo sa ngalan ng inyong diyos, at tatawag naman ako sa ngalan ni Yawe. Ang diyos na tutugon sa pamamagitan ng apoy ang siyang tunay na Diyos." Sumagot ang buong bayan: "Maganda ang sabi mo." At sinabi ni Elias sa mga propeta ni Baal: "Pumili kayo ng isang toro para sa inyo at mauna kayong ihanda iyon dahil marami kayo. At tumawag kayo sa inyong diyos, pero huwag sindihan ang apoy." Kaya kinuha nila ang toro at inihanda iyon, at tumawag sa ngalan ni Baal mula umaga hanggang tanghaling-tapat: "Sagutin mo kami!" Ngunit walang tinig na sumagot habang patuloy silang sasayaw-sayaw sa isang paa sa paligid ng altar na kanilang itinayo. (...)

At sinabi ni Elias sa buong bayan: "Lumapit kayo sa akin." At nagsilapit nga sa kanya ang buong bayan. At inayos niya ang gibang altar

ni Yawe. Kumuha si Elias ng labindalawang bato, sindami ng mga tribu ng mga anak ni Jacob na kinausap ni Yawe at sinabihang "Israel ang magiging pangalan mo." Sa pamamagitan ng mga batang iyon, nagtayo siya ng altar sa Ngalan ni Yawe at humukay ng kanal sa paligid niyon na makapaglalalaman ng labinlimang litro. Isinalansan niya ang kahoy, hiniwa-hiwa ang toro at saka ipinatong sa kahoy. Sinabi niya: "Punuin ninyo ng tubig ang apat na tapayan at ibuhos sa susunuging handog na nasa ibabaw ng kahoy." (...)

Ebanghelyo: Mateo 5:17-19

Huwag ninyong akalain na naparito ako para pawalang-bisa ang Batas at Mga Propeta. Naparito ako hindi para magpawalang-bisa kundi upang magbigay-kaganapan. At talagang sinasabi ko sa inyo: habang hindi nababago ang langit at lupa, hindi mababago ni isang kudlit o kuwit ng Batas: lahat ay matutupad.

Kung may lumabag sa pinakamaliit na ipinag-uutos ng Batas at magturo ng ganoon sa mga tao, ituturing din siyang pinakamaliit sa Kaharian ng Langit. Ngunit kung may mag-sagawa at magturo ng mga ito sa mga tao, magiging dakila siya sa Kaharian ng Langit.

BIRTHDAY:

Rev. Fr. Elpidio R. De PEralta, Jr. | Rev. Fr. JErome U. Rosalinda | Rev. Fr. Apolonio Z. Arcala, Jr., OFM

DATE OF ESTABLISHMENT: 2019, St. Paul the Apostle PArish and Shrine

Pagmamasiid

Dakila ba sa iyo ang sumusunod at nagtuturo ng batas ng bansa sa mga tao?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Kung may lumabag sa pinakamaliit na ipinag-uutos ng Batas at magturo ng ganoon sa mga tao, ituturing din siyang pinakamaliit sa Kaharian ng Langit. Ngunit kung may magsagawa at magturo ng mga ito sa mga tao, magiging dakila siya sa Kaharian ng Langit."

Pagtatabas

Sinusunod ko ba ang mga batas ng lipunan at batas ng Diyos dahil sa takot sa parusa sa paglabag, at hindi dahil nais kong maging mabuting mamamayan at mananampalataya?

Pagsasaayos

Nakapaloob sa Sampung Utos ng Diyos ang ilang mga batas ng ating lipunan, tulad ng pang-karapatang pantao, halimbawa, ang di sasaksi nang walang katotohanan, huwag magnanakaw, at huwag papatay.

Ginawa ang mga Batas upang maging mabuti, matapat at masunurin ang tao. Itinuturo ito sa ating tahanan, paaralan at Simbahan. Ang pagsunod sa Batas ng Diyos at pagturo nito sa mga kapwa sa salita at gawa, ang batayan upang maging dakila sa Kaharian ng Diyos.

Pagdiriwang

Ama, nawa magawa naming lagi ang Kaloooban Niyo, dito sa lupa para ng sa langit.

KAPISTAHAN NI SAN BERNABE, APOSTOL

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 98:1, 2-3ab, 3kd-4, 5-6

Panginoong nagliligtas
sa tanang bansa'y nahayag.



Unang Pagbasa: Mga Gawa 11:21b-26; 13:1-3

Ebanghelyo: Mateo 5:20-26

Sinasabi ko sa inyo na kung hindi mas ganap ang inyong kabanalan kaysa sa mga guro ng Batas at mga Pariseo, hindig-hindi kayo makapapasok sa Kaharian ng Langit.

Narinig na ninyo na sinabi sa inyong mga ninuno: *Huwag kang papatay*; ang sinumang pumatay ay lilitisin. Sinasabi ko naman sa inyo: Ang sinumang magalit sa kanyang kapatid ay lilitisin. Ang sinumang manuya sa kanyang kapatid ay lilitisin sa Sanggunian.

At ang sinumang manghiya sa kanyang kapatid ay nararapat lamang itapon sa apoy ng impiyerno. Kaya sa paglalagay mo sa altar ng iyong hain at naalaala mong may reklamo sa iyo ang kapatid mo, iwan mo muna ang iyong hain sa harap ng altar at puntahan mo ang iyong kapatid para maki-pagkasundo sa kanya. At saka ka bumalik at ialay ang iyong hain sa Diyos.

Makipagkasundo na sa iyong kaaway habang papunta pa kayo sa hukuman, at baka ipaubaya ka niya sa hukom na mag-papaubaya naman sa iyo sa pulisya na magkukulong sa iyo. Talagang sinasabi ko sa iyo: hindi ka makalalabas hangga't di mo nababayaran ang kahuli-hulihang sentimo.

Pagmamasid

May pagkakataon ba na hindi mo alam na may tao palang may sama ng loob at hinanakit sa iyo?

Paghahawi

Payo ni Jesus: "...sa paglalagay mo sa altar ng iyong hain, at naalaala mong may reklamo sa iyo ang kapatid mo, iwan mo muna ang iyong hain sa harap ng altar, at puntahan mo ang iyong kapatid, para makipag kasundo sa kanya. Saka ka bumalik at ialay ang iyong hain sa Diyos."

Pagtatabas

Kaya ko bang gawin ang sinabi ni Jesus na makipagkasundo sa kapwa, bago mag-alay sa Diyos?

Pagsasaayos

Mas madali bang makipagkasundo sa kapwang nasaktan mo, kaysa sa kapwang may pagkukulang sa iyo? Bilang tagasunod ni Jesus, ugaliing magpatawad gaya ng pagpapatawad sa atin ng Ama. Kababaang-loob ang itinuturo sa atin sa pakikipagkasundo. Ito ang isa sa dapat gawin bago magsimba at tumanggap ng Banal na Komunion.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, ang Inyong kamatayan ang nagbigay daan upang makipagkasundo kami sa Ama. Tulungan Niyo kaming magpakumbaba at makipagkasundo sa aming kapwa.



**DAKILANG KAPISTAHAN NG
KAMAHAL-MAHALANG PUSO NI JESUS**
Salteryo: Solemniya ng Panginoon / (Puti)

Salmo 103:1-2, 3-4, 6-7, 8, 10
*Pag-ibig mo'y walang hanggan
sa bayan mong nagmamahal.*

**Unang Pagbasa:
Deuteronomio 7:6-11**

Isa kang bayang banal para kay Yaweng iyong Diyos. Pinili ka ni Yawe mula sa lahat ng bayan sa balat ng lupa upang maging sariling sambayanan niya. Ibinigkis ni Yawe ang kanyang sarili sa iyo at ikaw ang pinili, hindi dahil ikaw ang pinakamarami sa lahat ng bayan (sapagkat ikaw pa nga ang pinakakaunti). Ngunit pinili ka niya sapagkat mahal ka niya at upang tuparin ang pangakong binitiwang niya sa iyong mga ninuno. Kaya inilabas ka ni Yawe nang may malakas na kamay at tinubos ka sa bahay ng pagkaalipin at mula sa kamay ni Paraong hari ng Ehipto.

Kaya alamin mong mabuti na si Yaweng iyong Diyos ay Diyos, ang matapat na Diyos. Nananatili siyang matapat sa kanyang pakikipagtipan, at abot sa libong henerasyon ang kanyang walang maliw na pag-ibig sa mga nagmamahal sa kanya at tumutupad sa kanyang mga utos. Ngunit pinarusahan niya ang namumuhi sa kanya at kaagad na sinusuklian.

Kaya tuparin mo ang utos, mga tuntunin at mga batas na iniuutos ko sa iyo ngayong isabuhay.

Ikalawang Pagbasa: 1 Juan 4:7-16

Ebanghelyo: Mateo 11:25-30

Nagsalita si Jesus sa pagkakataong iyon: “Pinupuri kita Amang Panginoon ng Langit at lupa, sapagkat itinago mo ang mga bagay na ito sa matatalino at marurunong, at ipinamulat mo naman sa mga karaniwang tao. Oo, Ama, ito ang ikinasiya mo.

Ipinagkatiwala sa akin ng aking Ama ang lahat. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at ang sinumang gustuhing pagbunyagan ng Anak.

Lumapit sa akin, lahat kayong nahihirapan at may pinapasan, at pagiginhawahin ko kayo. Kunin ninyo ang aking pamatok at matuto sa akin, akong mahinahon at mababang-loob, at makakatagpo kayo ng ginhawa para sa inyong kaluluwa. Sapagkat mahusay ang aking pamatok at magaan ang aking pasanin.”

BIRTHDAY: Rev. Fr. Edprim E. Gaza, CM

Pagmamasad

Kapag punong-puno na ng problema at alalahanin sa buhay ang iyong puso at isipan, kanino ka lumalapit upang magkaroon ng lakas?

Paghahawi

Anyaya ni Jesus: “Lumapit sa akin, lahat kayong nahihirapan at may pinapasan, at pagiginhawahin ko kayo. Kunin ninyo ang aking pamatok, at makakatagpo kayo ng ginhawa para sa inyong kaluluwa. Sapagkat mahusay ang aking pamatok, at magaan ang aking pasanin.”

Pagtatabas

Lumalapit ba ako kay Jesus at kinukuha ang Kanyang pamatok, kapag may hindi makayanang pagsubok?

Pagsasaayos

Sa gitna ng pagsubok at problema, may mga sandaling pinanghihinaan tayo ng loob. Ngunit sa bawat bigat ng buhay, may paanyaya ang Diyos: “Kumapit ka sa Akin.”

Huwag tayong mawalan ng pag-asa. Hindi tayo nag-iisa sa pagdadala ng pamatok kasama natin si Jesus, na may pusong mahabagin at mapagmahal.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, lingapin Niyo kami at ingatan. Samahan Niyo kami sa bawat yugto ng aming buhay.

PAGGUNITA SA KALINIS-LINISANG PUSO NG MAHAL NA BIRHENG MARIA

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

San Antonio de Padua

Salmo 16:1b-2a at 5, 7-8, 9-10

D'yos ko, aking kapalara'y manahin ang iyong buhay.



13

Sabado
HUNYO

Unang Pagbasa: 1 Hari 19:19-21

Ebanghelyo: Lucas 2:41-51

Pumupunta taun-taon sa Jerusalem ang mga magulang ni Jesus para sa Piyesta ng Paskuwa. Kayat nang maglabindalawang taon na siya, umahon sila tulad ng nakaugalian para sa pagdiriwang. Subalit nang umuwi na sila pagkatapos ng mga araw ng piyesta, naiwan sa Jerusalem ang batang si Jesus nang hindi namamalayan ng kanyang mga magulang. Sa pag-aakalang kasama siya ng iba pang mga kasamahan, maghapon silang nakipaglakbay at noon nila hinanap ang bata sa mga kamag-anakan nila't mga kakilala. Nang hindi nila siya matagpuan, bumalik sila sa Jerusalem sa paghahanap sa kanya. At sa ikatlong araw, natagpuan nila siya sa Templo, nakaupong kasama ng mga guro at nakikinig at nagtatanong sa kanila. At namangha sa kanyang talino at mga sagot ang mga nakarinig sa kanya.

Nagulat ang kanyang mga magulang pagkakita sa kanya, at sinabi sa kanya ng kanyang ina: "Anak, bakit mo naman ito ginawa sa amin? Nagdusa nga ang iyong ama at ako habang hinahanap ka namin." Ngunit sinabi niya sa kanila: "At bakit ninyo ako hinahanap? Hindi ba ninyo alam na dapat ay nasa bahay ako ng aking Ama?" Pero hindi nila naintindihan ang sinabi niya sa kanila.

Kaya bumaba siyang kasama nila pa-Nazaret, at patuloy siya sa pagiging masunurin sa kanila. Iningatan naman ng kanyang ina ang lahat ng ito sa kanyang puso.

BIRTHDAY: Most Rev. Antonio R. Tobias, D.D (Bishop Emeritus)

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Simone Piccolo, SX

PARISH FIESTA: San Antonio de Padua Parish

DATE OF ESTABLISHMENT: 2011, San Antonio de Padua Parish

Pagmamasisid

Naranasan mo na bang hanapin ng iyong mga mahal sa buhay at sa wakas, natagpuan ka nilang kasama ang iyong mga kaklase, abala sa pag-aaral?

Paghahawi

Nagulat sina Maria at Jose nang matagpuan si Jesus sa Templo: nakaupo, nakikinig, at nagtatanong sa mga guro. Sinabi ni Maria, may halong lungkot at pag-aalala: "Anak, bakit mo naman ito ginawa sa amin? Nagdusa ang iyong ama at ako habang hinahanap ka namin."

Pagtatabas

Sa ating sariling paglalakbay, may mga sandaling tila nawawala tayo sa paningin ng mga mahal natin sa buhay ngunit gaya ni Jesus, maaaring ang ating "pagkawala", hindi paglayo, kundi paglalim ng pananampalataya?

Pagsasaayos

Natagpuan nila si Hesus sa templo, sa tahanan ng kanyang Ama, kaya sinabi Niya kay Inang Maria na wala silang dapat ikabahala ni Jose. Gayundin tayo, kung hanapin man ng mga mahal natin sa buhay, nawa matagpuan tayong nagsusulong ng kabutihan naglilingkod sa Diyos at isinasabuhay ang ating pananampalataya.


Pagdiriwang

Ama, tulungan Mo po kaming manatili sa landas patungo sa Kaharian Mo hanggang sa huling sandali ng aming buhay. Nawa matularan ng mga kabataan ang halimbawa ni Jesus na pag-aaral tungkol sa Diyos mula nang bata pa Siya.

Ito ang mga pangalan ng labindalawang apostol: una, si Simong tinatawag na Pedro, at ang kanyang kapatid na si Andres; si Jaime na anak ni Zebedeo, at ang kapatid nitong si Juan; sina Felipe at Bartolome, Tomas at Mateo, na tagasingil ng buwis; si Jaimeng anak ni Alfeo, at si Tadeo; si Simong Kananeo, at si Judas Iskariote na magkakanulo sa kanya.

Sinugo ni Jesus ang labindalawang ito at pinagbilinan: "Huwag kayong lumiko papunta sa mga pagano at huwag pumasok sa bayang Samaritano. Hanapin ninyo ang nawawalang tupa ng sambayanan ng Israel.

Ipahayag ang mensaheng ito sa inyong paglalakbay: 'Palapit na ang kaharian ng Langit.' Pagalingin ang maysakit, buhayin ang patay, linisin ang mga mayketong at palayasin ang mga demonyo. Tinanggap ninyo ito nang walang bayad kaya ibigay rin ninyo nang walang bayad.



“Marami nga ang aanihin at kakaunti naman ang mga manggagawa.”

Pagmamasisid

May pagkakataon na kulang ang mga manggagawa sa dami ng dapat gawin, sa isang sakahan, pabrika, o kumpanya at kahit sa Simbahan.

Paghahawi

Winika ni Jesus: “Marami nga ang aanihin at kakaunti naman ang mga manggagawa. Idalangan ninyo sa panginoon ng ani na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang ani.”

Pagtatabas

Sa inyong parokya, kulang ba ang mga lingkod sa dapat gawin? Ano ang iyong tugon kapag inanyayahan kang maging lingkod sa Simbahan?

Pagsasaayos

Ayon sa survey sa ating bansa, na may isang pari sa 7,000 Katoliko, na dapat, isang pari sa 2,000 Katoliko. Kailangan ng kura paroko ng maraming katuwang sa pag-aalaga ng mga espirituwal na pangangailangan ng mga Katoliko sa isang parokya. Kulang ang 200 lingkod-Simbahan sa 2,000 Katoliko sa isang parokya.

Karamihan sa mga lingkod-Simbahan, limitado ang panahong maglingkod at walang sweldo. May pamilya o hanapbuhay na pinagkakaabalahan. Maraming kailangang gawin upang mapalaganap ang Salita ng Diyos, at matugunan ang pangangailangang ispirituwal ng ating mga kapwa. Ipanalangan ang kusang pagbigay ng sarili sa pagiging lingkod-Simbahan o manggagawa ng Diyos.

Pagdiriwang

Ama, mahalagang misyon naming mula sa Inyo ang maging tapat, maasahan at di-makasariling lingkod-Simbahan para sa Inyong kaluwalhatian.



Unang Pagbasa: 1 Hari 21:1-16*

May ubasan naman sa tabi ng palasyo ni Ahab na hari ng Samaria si Nabot na taga-Jezrael. Sinabi ni Ahab kay Nabot: "Ibigay mo sa akin ang iyong ubasang katabi ng aking palasyo para magawa kong taniman ng gulay. At bibigyan kita ng mas mainam na ubasan bilang kapalit nito. O kung gusto mo naman, babayaran ko sa iyo ang halaga nito." Ngunit sinabi ni Nabot kay Ahab: "Huwag nawang itulot ni Yawe na ibigay ko sa iyo ang pamana ng aking mga ninuno." Kaya umuwi si Ahab na galit at mabigat ang loob dahil sa sinabi sa kanya ni Nabot na taga-Jezrael na hindi nito maibibigay sa kanya ang pamana ng mga ninuno nito. Kayat nahiga siyang nakaharap sa pader at ayaw kumain. (...)

Sinabi naman ni Izebel na kanyang asawa: "At ikaw pa naman ang hari ng Israel! Bumangon ka't kumain at magsaya, ako ang magbibigay sa iyo ng ubasan ni Nabot ng Jezrael." Sumulat ng mga liham si Izebel sa ngalan ni Ahab at tinatakan ang mga iyon ng pantatak ni Ahab. Ipinadala niya ang mga ito sa mga matatanda at mga kilalang tao sa lunsod ni Nabot. Ito ang isinulat ni Izebel sa mga liham: "Ideklara ninyo ang araw ng pag-aayuno at litisin si Nabot. Kumuha kayo ng dalawang patapon na

magpapatang sa kanya sa ganitong paraan: Sinumpa mo ang Diyos at ang hari. At ilabas ninyo siya at batuhin hanggang mamatay."

Gayon nga ang ginawa ng mga mamamayan, mga matatanda at mga kilalang tao sa kanyang lunsod ayon sa itinagubilin sa kanila ni Izebel sa mga liham na ipinadala niya sa kanila. (...) Nang mabalitaan ni Izebel na binato na si Nabot at patay na, sinabi niya kay Ahab: "Tumindig ka't angkinin na ang ubasang ayaw ipagbili sa iyo ni Nabot na taga-Jezrael sapagkat patay na siya ngayon." Pagkarinig ni Ahab na patay na si Nabot, tumindig siya't nagpunta sa ubasan ni Nabot na taga-Jezrael at inangkin iyon.

Ebanghelyo: Mateo 5:38-42

Narinig na ninyo na sinabi: *Mata sa mata Na ngipin sa ngipin.* Ngunit sinasabi ko sa inyo: Huwag ninyong labanan ng masama ang masama. Kung sampalin ka sa kanang pisngi, ibaling ang mukha at iharap ang kabilang pisngi. Kung may magdemanda sa iyo para kunin ang iyong sando, ibigay mo pati ang iyong kamiseta. Kung may pumilit sa iyong sumama sa kanya nang isang kilometro, dala-wang kilometro ang lakarin mong kasama niya. Bigyan ang nanghihingi at huwag talikuran ang may hinihiram sa iyo.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Alvin C. Belean

Pagmamasid

May humatol na ba sa akin nang walang katotohanan at nagkalat ng maling balita tungkol sa akin? Paano akong tumugon sa nangyari sa akin?

Paghahawi

Payo ni Jesus na huwag labanan nang masama ang masama.

Pagtatabas

Kaya ko bang gawin ang payo ni Jesus sa paraan ng paglaban sa masama?

Pagsasaayos

Karaniwan, kapag nagawan ka ng masama ng isang tao, nais mong gumanti para hindi na niya ulitin ang masamang ginawa. Pagmamahal ang itinuturo ni Jesus na tugon natin. Sinabi Niyaang mahal in mo ang iyong kaaway.

Madaling ipagdasal ang kaibigan at mahal sa buhay, nguni't napakahirap mahal in at ipagdasal ang taong nakagawa sa iyo ng masama. Pagiging mapagkumbaba at mapagpatawad ang inaasahan sa atin ni Jesus, na tagasunod Niya.

Pagdiriwang

Panginoon Jesus, ituro Niyo sa amin ang tunay na pagmamahal sa kapwa lalong-lalo na ang nakagawa ng masama sa amin. Punuin Niyo ang aming puso ng Inyong pagmamahal, upang makayanan ang magmamahal sa aming kaaway.

IKA-11 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian)

Salmo 51:3-4, 5-6ab, 11 at 16

Poon, iyong kaawaan
kaming sa iyo'y nagsisuwat.



Martes
16 HUNYO

Unang Pagbasa: 1 Hari 21:17-29*

Dumating naman kay Elias ng Tisbe ang salita ni Yawe. "Tumindig ka't salubungin si Ahab na hari ng Israel sa Samaria. Nasa ubasan siya ngayon ni Nabot na pinuntahan niya para angkinin. Sabihin mo sa kanya na ito ang sinasabi ni Yawe: Pumataw ka't pagkatapos ay nangamkam. At sabihin mo ring ganito ang sinasabi ni Yawe: Hihimurin ng mga aso ang dugo mo sa mismong lugar na ito kung saan hinimod ng mga aso ang dugo ni Nabot." Sinabi ni Ahab kay Elias: "Naabutan mo ako rito, kaaway ko." Sumagot si Elias: "Inabutan kita sapagkat ginawa mo ang masama sa paningin ni Yawe. Ito ang salita ni Yawe: Kapahamakan ang hatid ko sa iyo. Uubusin ko ang inyong inapo at lilipulin ko ang lahat ng lalaki sa inyong angkan, alipin man o malaya sa Israel. (...)

Walang katulad si Ahab na ipinagbili ang sarili sa paggawa ng masama sa paningin ni Yawe sa sulsol ng kanyang asawang si Izebel. Kasuklam-suklam ang kanyang iginawi sa pagsunod sa mga diyus-diyusan tulad ng mga Amorreong pinalayas ni Yawe sa harap ng mga Israelita. Pagkarinig ni Ahab sa mga salitang ito, winarak niya ang kanyang damit at nagsuot ng sako. Nag-ayuno siya at nakasako kahit na sa

pagtulog, at laging nakatungo. At dumating ang salita ni Yawe kay Elias ng Tisbe: "Nakita mo bang nagpakababa si Ahab sa harap ko? Dahil nagpakababa siya sa aking harap, hindi ko ihahatid ang kapahamakan sa kapanahunan niya. Sa panahon ng kanyang anak ko ihahatid ang kapahamakan ng kanyang angkan."

Ebanghelyo: Mateo 5:43-48

Narinig na ninyo na sinabi: *Mahalin mo nang inyong kapwa at kamuhian ang inyong kaaway.* Ngunit sinasabi ko sa inyo: Mahalin ninyo ang inyong kaaway, at ipagdasal ang mga umuusig sa inyo. Sa ganito kayo magiging mga anak ng inyong Amang nasa langit. Sapagkat pinasisikat niya ang araw sa kapwa masama at mabuti, at pinapapatak niya ang ulan sa kapwa makatarungan at di-makatarungan.

Kung mahal ninyo ang nagmamahal sa inyo, bakit kayo gagantimpalaan? Di ba't ginagawa rin ito ng mga kolektor ng buwis? At kung ang mga kapatid ninyo lamang ang inyong binabati, ano ang naiiba rito? Di ba't ginagawa rin ito ng mga pagano?

Kaya maging ganap kayo gaya ng pagiging ganap ng inyong Amang nasa langit.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Job Callarackal, MS

DATE OF ESTABLISHMENT: 2004, Christ, King of the Universe Parish

Pagmamasisid

Ano ang tugon natin kapag may nang-away sa atin? Kadalasan ba umiiral ang mata sa mata, ngipin sa ngipin?

Paghahawi

Turo ni Jesus: "Mahalin ninyo ang inyong kaaway, at ipagdasal ang umuusig sa inyo. Sa ganito kayo magiging anak ng inyong Amang nasa langit."

Pagtatabas

Kaya ko bang gawin ang turo ni Jesus na mahalin ang kaaway, at ipagdasal ang umuusig sa akin?

Pagsasaayos

Bilang tagasunod ni Jesus, ang Anak ng Diyos Ama, kahit mahirap gawin, sikapin nating mahalin at ipagdasal ang nakasakit sa atin. Maging mahinahon kahit sinisigawan tayo. Unawain natin ang kanilang galit, at tumulong ng may pagmamahal. Kung hindi kayang gawin ang mga ito, manalangin at humingi ng tulong kay Jesus at sa Ama.

Pagdiriwang

Ama, turuan Ninyo akong mahalin ang mga taong mahirap mahalin, upang maipakita ko ang kabutihan at awa Niyo sa kanila.



Unang Pagbasa: 2 Hari 2:1, 6-14

Ebanghelyo: Mateo 6:1-6, 16-18

Pag-ingatang huwag maging pakitang-tao lamang ang inyong mabubuting gawa. Kung ganito ang gagawin ninyo, wala na kayong gantimpala sa inyong Amang nasa langit. Kaya pag nagbibigay ka ng limos, huwag pahipan ang trumpeta sa unahan gaya ng ginagawa ng mga mapagkunwari sa sinagoga at sa mga daan; gusto nilang mapuri ng mga tao. Sinisiguro ko sa inyo na nagantimpalaan na sila nang husto.

Kaya kung ikaw naman ang magbibigay ng limos, huwag ipaalam sa iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay; at mananatiling lihim ang iyong paglilimos at ang iyong Amang nakakakita sa mga lihim ang siyang gagantimpala sa iyo.

Kung mananalangin kayo, huwag ninyong tularan ang mga mapagkunwari. Gustung-

gusto nilang tumayo sa mga sinagoga o sa mga daan para manalangin nang nakikita ng marami. Sinisiguro ko sa inyo na nagan-timpalaan na sila nang husto. At kung ikaw naman ang mananalangin, pumasok sa iyong silid, isara ang pinto at manalangin sa iyong Ama na kasama mo nang lihim; at ang iyong Ama na nakakakita sa ipinaglilihim ang gagantimpala sa iyo.

Pag mag-aayuno kayo, huwag magpa-kita ng lungkot sa mukha gaya ng mga mapagkunwari. Nagpapakita sila ng lungkot sa mukha para makita ng tao na nag-aayuno sila. Talagang sinasabi ko sa inyo na nagantimpalaan na sila nang husto. Kung ikaw naman ang mag-aayuno, maghilamos at ayusin ang sarili sapagkat hindi ka nag-aayuno para pakitang-tao lamang kundi para sa iyong Amang nakakakita sa lahat. At gagantimpalaan ka ng iyong Amang nakakakita sa lahat ng lihim.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Aldrin T. Lopez
DATE OF ESTABLISHMENT: 2007, Hearts of Jesus and Mary Parish

Pagmamasid

May taong inilalathala ang ginawa, nagnanais ng papuri at pagkilala, at naghahanap ng kapalit sa kabutihang nagawa.

Paghahawi

Turo ni Jesus: "Pag-ingatang huwag maging pakitang-tao lamang ang inyong mabubuting gawa. Kung ganito ang gagawin ninyo, wala na kayong gantimpala sa Amang nasa langit. Magbigay ng limos, manalangin, at mag-ayuno ng lihim. Ang Amang nakakakita sa lihim ang gagantimpala sa iyo."

Pagtatabas

Kaya ko bang magbigay ng limos, manalangin, at mag-ayuno ng lihim?

Pagsasaayos

Layunin ng mabuting Katoliko ang papurihan at dakilain ang Diyos sa kanyang isip, salita at gawa. Hindi papuri sa Diyos ang ating pagbigay ng limos, pagdarasal, at pag-aayuno kung makasarili ang layunin.

Pagdiriwang

Ama, nais kong maghari Kayo sa aking buhay, upang para sa Iyong kadakilaan ang lahat ng aking iisipin, sasabihin at gagawin.

IKA-11 LINGGO SA KARANIWANG PANAHOON

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian)

Salmo 97:1-2, 3-4, 5-6, 7
*Sa Panginoo'y magalak
ang masunuri't matapat.*



Huwebes
18 HUNYO

Unang Pagbasa: Sirac 48:1-14*

Ebanghelyo: Mateo 6:7-15

Pag mananalangin kayo, huwag kayong magsalita nang magsalita gaya ng ginagawa ng mga pagano; naniniwala nga sila na mas pakikikingan sila kung marami silang sinasabi. Huwag kayong tumulad sa kanila. Alam ng inyong Ama ang mga pangangailangan ninyo bago pa man kayo humingi.

Kaya, ganito kayo manalangin: Ama naming nasa Langit, sambahin ang Ngalan mo, dumating ang Kaharian mo, sundin ang loob mo dito sa lupa para nang sa Langit.

Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw, patawarin mo ang aming mga pagkakautang gaya ng pagpapatawad namin sa mga nagkakautang sa amin.

Huwag mo kaming dalhin sa tukso, at iligtas mo kami sa Masama.

Kung patatawarin ninyo ang mga nagkasala sa inyo, patatawarin din kayo ng inyong Amang nasa Langit. At kung hindi ninyo patatawarin ang mga nagkasala sa inyo, hindi rin kayo patatawarin ng inyong Ama.

PARISH FIESTA: The Our Father Parish

Pagmamasid

Hindi maiwasang masaktan tayo ng ating kapwa, lalo na ng mga taong inaasahan nating magmamahal sa atin tulad ng asawa at anak. Napapatawad ba natin sila agad kapag nasaktan nila tayo?

Paghahawi

Payo ni Jesus: "Kung patatawarin ninyo ang mga nagkasala sa inyo, patatawarin din kayo ng inyong Amang nasa Langit."

Pagtatabas

Kaya ko bang gawin ang payo ni Jesus na patawarin ang mga nagkasala sa akin, lalo na ang inaasahan kong magmamahal sa akin?

Pagsasaayos

Nais kong mapatawad ng Ama sa mga kasalanan at pagkukulang ko sa Kanya. Ano ang dulot ng galit at sama ng loob ko? Kapag nagkimkim tayo ng hinanakit, sumasama ang ating pakiramdam, at kung minsan humahantong sa sakit.

Nahihirapan tayong magpatawad lalo na kung hindi naman humihingi ng kapatawaran. Kahit hindi humihingi ng kapatawaran ang nakasakit, patawarin ang nanakit. Manalig tayo sa itinuro ni Jesus na panalangin, "Ama Namin". Patatawarin ng Ama ang mga nagpapatawad. Manalangin tayo sa Ama na bigyan tayo ng pagmamahal Niya, upang makapagpatawad ng nanakit sa atin.

Pagdiriwang

Mahabaging Ama, patawarin Ninyo kami sa galit at hinanakit sa aming puso. Igawad Ninyo sa amin ang kababaang-loob, lakas, at pagmamahal na magpatawad ng aming kapwa, lalo na ang mga mahal namin sa buhay na nanakit sa amin.



Unang Pagbasa:

2 Hari 11:1-4, 9-18, 20*

Ebanghelyo: Mateo 6:19-23

Huwag dito sa lupa kayo mag-ipon ng
hinayong mga iniipon sapagkat dito'y
masisira ang mga iyon ng mga kulisap at
kalawang, at mananakaw ng magnanakaw.
Sa piling ng Diyos kayo mag-ipon ng inyong
iniipon; wala nga roong kulisap o kalawang
na sisira, at walang magnanakaw. Malaman
mo nawa na kung nasaan ang iyong kaya-
manan, naroon din ang iyong puso.

Ang iyong mata ang lampara ng iyong
katawan; kung malinaw ang iyong mata,
nasa liwanag ang buo mong katawan.
Kung malabo naman ang iyong mata, nasa
kadiliman ang buo mong katawan. At kung
dumilim ang liwanag na nasa iyo, gaano pa
kaya ang madilim!

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Antonio G. Renoblas, CFIC

DATE OF ESTABLISHMENT:

1986, The Our Father Parish | 2011, San Roque Parish

Pagmamasid

Dahil sa hirap ng buhay, marami ang abala sa paghahanap ng pera. May mayamang nais pang yumaman. Kadalasan, wala ng oras para sa iba pang aspeto ng buhay.

Paghahawi

Pangaral ni Jesus, "Sa piling ng Diyos kayo mag-ipon ng inyong iniipon; wala nga roong kulisap o kalawang na sisira, at walang magnanakaw. Malaman mo nawa na kung nasaan ang iyong kayamanan, naroon din ang iyong puso".

Pagtatabas

Nasa piling ba ng Diyos ang ipon ko? Bakit?

Pagsasaayos

Nilikha tayo upang manahan sa piling ng Diyos ngayon at sa kabilang buhay. Pinaghahandaan ba natin ang langit? O abala ba tayo sa makamundong bagay at gawaing naglalayo sa atin sa Diyos? Binigyan tayo ng oras, talino, at lakas, upang magkaroon ng panggastos sa pangangailangan, at maibahagi sa kapwa, lalo na ang nangangailangan.

Pagtuunan ng oras, kakayahan, lakas, at ipon ang gawaing magpapatibay ng ugnayan natin sa Diyos at kapwa. Ito ang paraan upang maka-ipon na hindi masisira o mananakaw, kundi pang-walang-hanggan.

Pagdiriwang

Ama, nawa masunod ko ang lyong kalooban, upang sa lyong piling manahan ako ngayon at magpakailanman.

IKA-11 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Puti)

Mahal na Birheng Maria

Salmo 89:4-5, 29-30, 31-32, 33-34

*Sa kanya mananatili
ang aking pag-ibig lagi.*



Unang Pagbasa: 2 Kronika 24:17-25

Ebanghelyo: Mateo 6:24-34

Walang makakapagsilbi sa dalawang amo; siguradong kamumuhian ang isa at mamahalin naman ang isa pa, o magiging matapat sa una at mapababayaang pangalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Diyos at sa pera.

Kaya sinasabi ko sa inyo: huwag mag-alala sa kakanin at iinumina para sa inyong buhay, o sa idadamtan para sa inyong katawan. Di ba't mas mahalaga ang buhay kaysa pagkain, at ang katawan kaysa damit? Tingnan ninyo ang mga ibon sa langit: hindi sila naghahasik ni nag-aani, ni nag-iipon sa mga bodega, gayunma'y pinakakain sila ng inyong Amang nasa Langit. Di ba't mas mahalaga kayo kaysa mga ibon?

Sino sa inyo ang makapagdadagdag sa kanyang taas sa pagkabahala niya? At bakit kayo mababahala tungkol sa pananamit?

Tingnan ninyo ang mga bulaklak sa bukid, sa pagtubo ng mga ito. Hindi sila nagtatrabaho o humahabi. Ngunit sinasabi ko sa inyo na kahit na si Solomon sa kanyang kayamanan ay hindi nakapagbihis gaya ng isa sa kanila. Kung ganito ang damit na ibinibigay ng Diyos sa mga damo – mga damong nasa bukid ngayon at susunugin bukas sa kalan, higit pa ang gagawin niya para sa inyo, mga taong maliit ang paniniwala!

Huwag na kayong mag-alala at magsabi: Ano ang ating kakanin? Ano ang ating iinumina? O, ano ang ating isusuot? Ang mga pagano ang nababahala sa mga bagay na ito; ngunit alam ng inyong Amang nasa Langit na kailangan ninyo ang mga ito. Kaya hanapin muna ninyo ang kaharian at katarungan ng Diyos, at ibibigay rin sa inyo ang lahat ng ito. At huwag alalahanin ang bukas sapagkat bahala ang bukas na mag-alala sa kanyang sarili. Sapat na sa bawat araw ang sariling hirap nito.

DATE OF ESTABLISHMENT: 1993, St. Peter Parish: Shrine of Leaders

Pagmamasiid

Dahil sa hirap ng buhay, marami sa ating maralitang kababayan ang hindi alam kung ano ang kakainin, iinumina, o isusuot.

Paghahawi

Sinabi ni Jesus na huwag tayong mabahala sa ating kakainin, iinumina, o isusuot. Alam ng Diyos ang ating kailangan. Hanapin muna ang kaharian at katarungan ng Diyos, at ibibigay din sa atin ang lahat ng ito. Sapat na sa bawat araw ang sariling hirap nito.

Pagtatabas

Bilang tagasunod, naniniwala ba ako sa sinabi ni Jesus? Bakit?

Pagsasaayos

Si Jesus, Diyos Anak, makapangyarihan at mapagmahal, tapat na sugo ng Ama. Maraming himala ang nagawa, tulad ng gawing alak ang tubig, at binuhay ang namatay na kaibigan.

Lahat ng sinabi Niya, natupad, halimbawa, ang muling pagkabuhay Niya. Magtiwala tayo na hanapin muna ang kaharian at katarungan ng Diyos, at lahat ng pangangailan natin, ipagkakaloob Niya. Hindi kailangan mabahala sa pagkain, iinumina, o damit, kung tapat tayong tagasunod ni Jesus, at isinasabuhay natin ang Kanyang mga turo at aral.

Pagdiriwang


Jesus, Panginoon ng Banal na Awa, nagtiwala ako sa Inyo. Amen.

Ebanghelyo: Mateo 10:26-33

Walang tinatakan na di nabubunyag at walang natatago na di nahahayag. Ang sinasabi ko sa inyo sa dilim, ipahayag ninyo sa liwanag. Ang narinig ninyo nang pabulong, ipahayag mula sa bubong.

Huwag matakot sa mga nakapapatay ng katawan ngunit hindi ng kaluluwa. Matakot kayo sa may kapangyarihang sumira ng kaluluwa pati ng katawan sa impiyerno. Nabibili ang maya nang dalawa isang pera, pero wala isa mang bumabagsak sa lupa na hindi nilolooob ng Ama. At kayo, bilang na pati buhok sa inyong ulo. Kaya huwag kayong matakot: mas mahalaga kayo kaysa mga maya.

Ang sinumang kumilala sa akin sa harap ng mga tao ay kikilalanin ko sa harap ng aking Ama sa Langit. At ang ayaw kumilala sa akin sa harap ng mga tao ay hindi ko rin kikilalanin sa harap ng aking Ama sa Langit.



“Huwag matakot sa mga nakapapatay ng katawan ngunit hindi ng kaluluwa.”

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Reynaldo S. Tano, MGL

Pagmamasisid

Sino ang malimit mong ipagmalaki sa iba? Kasama ba dito si Jesus?

Paghahawi

Sa gitna ng takot, pag-aalinlangan, o pangamba sa paghusga ng iba, tiniyak ni Jesus: “Huwag kayong matakot... Ang sinumang kumilala sa akin sa harap ng mga tao, kikilalanin ko sa harap ng aking Ama.”

Pagtatabas

Ipinagmamalaki ba natin ang pananampalataya kay Jesus, ating Panginoon at Tagapagligtas? Pinupuri ba natin Siya sa salita at gawa?

Pagsasaayos

Bilang mga binyagang Katoliko, tinatawag tayong maging saksi sa kabutihan ni Jesus: Sa Kanyang pagpapagaling at pagtuturo Sa Kanyang pakikiisa sa mga aba at makasalanan; Sa Kanyang pagsunod sa Ama, hanggang kamatayan sa krus. Ang ating misyon: Ibahagi ang Ebanghelyo ng pag-asa at kaligtasan. Sa simpleng salita, sa tapat na paglilingkod, sa tahimik na panalangin, maipapakilala natin si Jesus sa mundo.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, patawad sa mga pagkakataong hindi ko Kayo naipakilala sa aking kapwa. Nawa, maibalita ko ang Ebanghelyo ng kaligtasan, nang dumami pa ang makakilala at mapalapit sa Inyo.



IKA-12 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Luntian/Pula/Puti)

*San Paulino ng Nola / San Juan Fisher /
Santo Tomas More*

Salmo 60:3, 4-5, 12-13

*Poon, kami ay sagipin,
kaawaan at kupkupin.*

Unang Pagbasa:

2 Hari 17:5-8, 13-15a, 18

Sinakop ng hukbo ng hari ang buong Israel at pumunta sila sa Samaria at kinubkob iyon nang tatlong taon. Sa ikasiyam na taon ni Oseas, nabihag ng hari ng Asiria ang Samaria at ipinadeport ang mga Israelita sa Asur. Pinatira niya ang mga iyon sa Hala sa baybayin ng Ilog Habor sa Gozan, at sa mga lunsod ng mga Medo. Nangyari ito dahil nagkasala ang mga anak ng Israel kay Yaweng kanilang Diyos na siyang naglabas sa kanila mula sa lupain ng Ehipto sa ilalim ng kapangyarihan ni Paraon. Sumamba sila sa mga diyus-diyusang, at sumunod sa mga kaugalian ng mga bansang pinalayas ni Yawe para mapasa-Israel ang lupain.

Binalaan ni Yawe ang Israel at Juda sa pamamagitan ng mga propeta na nakakakita ng pangitain: "Talikuran ninyo ang inyong masasamang gawi at sundin ang aking mga utos at tuntunin, ayon sa mga batas na iniutos ko sa inyong mga ninuno at ipinahatid sa pamamagitan ng aking mga lingkod na propeta." Ngunit hindi sila nakinig, at tumanggi ring gaya ng kanilang mga ninunong hindi naniwala kay

Yaweng kanilang Diyos. Binale-wala nila ang kanyang mga batas at ang pakikipagtipang itinakda niya sa kanilang mga ninuno, pati ang mga babalang ibinigay niya sa kanila. Sumunod sila sa mga diyus-diyusang walang-saysay at sila mismo'y nawalang-kabuluhan din sa pagtulad nila sa mga bansang nakapaligid sa kanila, sa kabila ng sinabi ni Yawe: "Huwag ninyo silang tularan." Kaya labis na napoot si Yawe sa Israel at itina-pon sila nang malayo sa kanya, at ang tribu lamang ng Juda ang itinira.

Ebanghelyo: Mateo 7:1-5

Huwag humatol at hindi kayo hahatulan. Kung paano kayo humatol sa inyong kapwa, gayon din kayo hahatulan, at susukat-in kayo sa sukatang ginamit ninyo. Bakit mo tinitingnan ang puwing sa mata ng iyong kapatid? At di mo pansin ang troso sa iyong mata. Paano mo masasabi sa iyong kapatid: 'Halika, at aalisin ko ang puwing sa iyong mata,' kung may troso naman sa iyong mata? Mapagkunwari! alisin mo muna ang troso sa iyong mata, at saka mo makikita kung paano aalisin ang puwing sa mata ng iyong kapatid.

Pagmamasid

Kapag may hindi pagkakaunawaan, madalas naninindigan ang bawat panig sa sariling tama. Walang gustong umamin ng pagkakamali.

Sa ganitong sitwasyon, sino ang unang nagpapakumbaba? Sino ang handang magsuri ng sarili?

Paghahawi

Itinuturo ni Jesus ang isang mahalagang aral: "Kung paano kayo humatol sa inyong kapwa, gayon din kayo hahatulan."

Ang paghatol ay madalas mabilis, matalas, at walang awa. Ngunit ang panawagan ni Jesus ay malinaw: Unahin ang pagsusuri sa sarili bago punahin ang iba.

Pagtatabas

Nasubukan ko na bang hindi humatol sa kapwa? Paano ko nagawa ito?

Pagsasaayos

Mahirap umamin sa ating pagkakamali o pagkukulang. Madaling makita ang kakulangan ng iba. Unahing tignan ang sarili, lalo na ang kasalanan, kahinaan at kakulangan. Magbago muna tayo. Sa mabuting halimbawa at grasya ng Diyos, maaring magbago ang ating kapwa. Ipagdasal natin ang pagbabago ng ating sarili at kapwa.

Pagdiriwang

Ama, lagi Niyong ipaalala na iwasan ang paghatol nang masama sa kapwa. Sa halip, patawarin Ninyo ang mga kasalanan namin, at tulungan Niyo kaming magbalik-loob sa Inyo.

**IKA-12 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHON**
Salteryo: Linggo 4 / (Luntian)

Salmo 48:2-3ab, 3kd-4, 10-11
*Lungsod ng D'yos ay matatag
dahil sa bigay nyang lakas.*



Martes

23 HUNYO

Unang Pagbasa:

2 Hari 19:9b-11, 14-21, 31-35a, 36*

(...) At ipinasabi ni Isaias na anak ni Amos kay Ezekias: "Ito ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng Israel: "Dininig ko ang iyong panalangin tungkol kay Senakerib ng Asiria. Ito ang sinabi ni Yawe laban sa kanya: 'Minamata ka at pinagtatawanan ng Dalagang Sion; umiiling sa likuran mo ang Dalagang Jerusalem. Sapagkat may malalabi mula sa Jerusalem at may mga natirang buhay na nagmumula sa Bundok Sion. Ang selosong pag-ibig ni Yawe at ng mga Hukbo ang magsasakatuparan nito.

Kaya ito ang sinasabi ni Yawe tungkol sa hari ng Asiria: Hindi siya makapapasok sa lunsod na ito, ni makatutudla isa mang palaso. Hindi niya ito malulusob nang may toreng de-gulong ni makukubkob ito. Hindi nga siya makapapasok sa lunsod na ito, babalik siya sa daang kanyang pinanggalingan. Ito ang salita ni Yawe. Ipagtatanggol ko ang lunsod na ito at ililigtas alang-alang sa aking sarili at kay David na aking lingkod."

Nang gabi ring iyon ay lumabas ang Anghel ni Yawe at pinatay ang sanda't walumpu't limang libong lalaki sa kampo ng mga Asirio. Sa oras ng paggising kina-bukasan, hayun! patay nang lahat, mga bangkay na lamang.

Kaya pauwing umalis si Senakerib na hari ng Asiria, at nanirahan sa Nineve.

Ebanghelyo: Mateo 7:6, 12-14

Huwag ibigay ang banal sa mga aso o hitapon ang inyong perlas sa mga baboy, at baka yapakan nila ito at balikan kayo at lapain.

Kaya gawin ninyo sa iba ang gusto ninyong gawin sa inyo, ito ang nasa Batas at Mga Propeta.

Pumasok sa makipot na pinto sapagkat malapad ang pintuan at malawak ang daan papunta sa kapariwaraan, at marami ang pumapasok doon. Napakakipot naman ang pintong papunta sa buhay at mabalakid ang daan at kakaunti ang mga nakakatagpo rito.

Pagmamasisid

Tinuturing Katolikong bansa ang Pilipinas, dahil mahigit na 85 porsiyento ang Katoliko. Ngunit, marami pa rin ang masasamang-loob. Ano kaya ang dahilan?

Paghahawi

Payo ni Jesus na gawin sa iba ang gusto ninyong gawin sa inyo - ito ang nasa Batas at Mga Propeta. Pumasok sa makipot na pinto, sapagkat malapad ang pintuan, at malawak ang daan papunta sa kapariwaraan. Marami ang pumapasok doon. Napakakipot naman ang pintong papunta sa buhay, at mabalakid ang daan, at kakaunti ang mga nakakatagpo rito.

Pagtatabas

Mahirap sundin ang utos ng Diyos. Higit na madali para sa atin ang sundin ang gusto natin. Ngunit, ano ang kahihinatnan ng mga hindi sumusunod sa Kanya?

Pagsasaayos

Masikip ang daan patungo sa piling ng Diyos. May mga balakid at mga hamon na kailangang harapin. Madaling matuksong tahakin ang daang hindi mahirap. Mahirap sundin at sundan si Jesus, ngunit ito lamang ang daan patungo sa buhay na walang hanggan.

Pagdiriwang

Ama, sa tulong ng Espiritu Santo, nawa masunod ko ang Inyong kagustuhan.

Miyerkules

HUNYO 24



DAKILANG KAPISTAHAN NG PAGSILANG NI SAN JUAN BAUTISTA

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 139:1b-3, 13-14ab, 14k-15
*Ako'y nagpupuri dahil sa kahanga-hanga
mong pagkagawa sa akin.*

Unang Pagbasa: Isaías 49:1-6

**Ikalawang Pagbasa:
Mga Gawa 13:22-26**

Ebanghelyo: Lucas 1:57-66, 80

Nang sumapit na ang panganganak ni Elizabeth, isang anak na lalaki ang isinilang niya. Narinig ng mga kapitbahay at mga kamag-anakan niya kung gaano nagdalang-awa sa kanya ang Panginoon kayat nakigalak sila sa kanya.

Nang ikawalong araw na, dumating sila para tuliin ang sanggol at pangangalanan sana nila itong Zacarias gaya ng kanyang ama. Sumagot naman ang kanyang ina: "Hindi, tatawagin siyang Juan." Pero sinabi nila sa kanya: "Wala ka namang kamag-anak na may

ganyang pangalan." Kaya sumenyas sila sa ama ng sanggol kung ano ang gusto niyang itawag dito. Humingi siya ng isang sulatan, at sa pagtataka ng lahat ay kanyang isinulat: "Juan ang pangalan niya." Noon di'y nabuksan ang kanyang bibig at nakalag ang kanyang dila. Nakapagsalita siya at nagpuri sa Diyos.

Kaya namayani ang banal na pagkatakot sa kanilang mga kapitbahay. At naging usap-usapan ang lahat ng pangyayaring ito sa buong mataas na lupain ng Juda. Nag-isip-isip ang mga nakarinig at nagtanungan: "Ano na kaya ang mangyayari sa sanggol na ito?" Dahil sumasakanya ngang talaga ang kamay ng Panginoon. Habang lumalaki ang bata, pinatatag siya ng espiritu. Nanirahan siya sa disyerto hanggang sa araw ng kanyang pagkakahayag sa Israel.

Pagmamasisid

Karaniwan, hangad ng mga magulang ang ikabubuti ng kanilang anak, na lumaking ligtas, masaya, at matagumpay.

Paghahawi

Isinilang ni Elizabeth ang isang anak na lalaki, at sa utos ng anghel, pinangalanan nila itong Juan. Lumaki siyang pinatatag ng Espiritu Santo, nanirahan sa ilang, at inihanda para sa mahalagang misyon: ang ihayag ang pagdating ng Tagapagligtas na si Jesus.

Pagtatabas

Tungkulin ng magulang na gabayan ang anak, upang sundin ang kalooban ng Diyos. Ngunit kung minsan di ayon sa plano ng Diyos ang kagustuhan ng magulang. Nawawala sa landas ang anak, at di nito nararanasan ang kaganapan ng buhay.

Pagsasaayos

May plano ang Diyos sa bawat sanggol na isinisilang. Ipinagkatiwala nina Zacarias at Elizabeth si Juan sa Diyos, at sa tulong ng Espiritu Santo, lumago siya sa pananampalataya at katatagan. Sa ganitong pag-aalay, natupad ni Juan ang kanyang misyon bilang tagapaghanda ng daan para kay Kristo.

Tulad nina Zacarias at Elizabeth, tinatawag tayong magtiwala sa plano ng Diyos para sa ating mga anak, kabataan, o mga taong ating ginagabayan. Hindi laging madali ang landas ng pagsunod sa kalooban ng Diyos, ngunit sa pamamagitan ng panalangin, pag-aalay, at patuloy na paggabay, maaari nating tulungan silang matuklasan ang kanilang misyon sa buhay.

Pagdiriwang

Ama, gabayan Mo po ang kabataan sa pamamagitan ng Iyong Espiritu, upang masunod nila ang Iyong Kalooban.

**IKA-12 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHON**
Salteryo: Linggo 4 / (Luntian)

Salmo 79:1b-2, 3-5, 8, 9
*Dahil sa ngalan mo, Poon,
iligtas mo kami ngayon.*



Huwebes
25 HUNYO

Unang Pagbasa: 2 Hari 24:8-17*

Ebanghelyo: Mateo 7:21-29

Hindi lahat ng nagsasabi sa akin ng 'Panginoon! Panginoon!' ay papasok sa kaharian ng Langit kundi ang nagsasagawa sa kalooban ng Diyos ang siyang papasok sa kaharian ng Langit. Sa araw na iyon, marami ang magsasabing: 'Panginoon, Panginoon, hindi ba kami nagsalita sa ngalan mo? Hindi ba nagpalayas kami ng mga demonyo at gumawa ng mga himala sa ngalan mo?' Ngunit sasabihin ko sa kanila nang walang paliguy-ligoy: 'Hinding-hindi ko kayo kilala; lumayo sa akin kayong mga gumagawa ng masama.'

Kaya kung may nakikinig sa mga salita ko at sumusunod dito, matutulad siya sa isang matalinong nagtayo ng bahay sa batuhan. Bumagyo at bumaha ang ilog at humangin nang malakas, ngunit hindi nagiba ang bahay sapagkat itinayo ito sa batuhan. At ang sinumang nakakarinig sa aking mga salita at hindi nagsasagawa nito, matutulad siya sa isang hangal na nagtayo ng bahay sa buhangin. Bumagyo at bumaha ang ilog at humangin nang malakas, at bumagsak ang bahay at kay laking kapahamakan!

Nang matapos si Jesus sa mga pananalitang ito, nagulat ang mga tao sa kanyang pangangaral sapagkat nangaral siya nang may kapangyarihan, hindi gaya ng kanilang mga guro ng Batas.

Pagmamasisid

Paano mo nalalampasan ang mga bagyo sa iyong buhay: mga pagsubok, pangamba, o kawalang-katiyakan?

Paghahawi

Itinuro ni Jesus: "Hindi lahat ng tumatawag sa Akin na 'Panginoon' ay papasok sa kaharian ng Langit, kundi ang sumusunod sa kalooban ng Aking Ama."

Inihalintulad Niya ang taong nakikinig at tumutupad sa Kanyang salita sa isang matalinong tao na nagtayo ng bahay sa batuhan. Dumating man ang bagyo, baha, at malakas na hangin, nanatiling matatag ang bahay, hindi ito nagiba.

Pagtatabas

Bilang Katoliko, nakikinig ba ako nang may puso sa mga salita ng Diyos? Isinasabuhay ko ba ang Kanyang kalooban, o nananatili lamang sa panlabas na pagsunod?

Pagsasaayos

Di natitinag sa gitna ng bagyo o problema ang nakikinig at sumusunod sa mga salita ng Diyos. Alam niyang ang ang magtiwala, ang kalooban ng Diyos. Kaya manatiling may pag-asa, at pagmamahal sa kapwa lalo na sa mga nangangailangan ng habag.

Sa halip na unahin ang pansariling kapakanan, inuuna niya ang kabutihan ng nakararami. Ito ang pundasyon ng buhay na matatag: ang pagsunod sa Diyos sa salita at gawa.

Pagdiriwang

Salamat, Ama, sa pananampalatayang Katoliko na nag lapit sa amin sa Iyo. Walang makahihigit sa Inyong pagmamahal at awa sa aming lahat. Nariyan Kayo lagi na nagpapatatag sa amin sa harap ng mga unos ng aming buhay. Amen.



Salmo 137:1-2, 3, 4-5, 6
*Ang aking dila hindi makapagsalita,
kung ikaw ay aking kalilimutan.*

Unang Pagbasa: 2 Hari 25:1-12*

(...) Sa ikasiyam na araw ng ikapat na buwan, tumindi ang taggutom sa lunsod, at walang tinapay na makain ang mga mamamayan. Kayat nang mabutas ang pader ng lunsod, nagsitakas sa dilim ng gabi ang buong hukbo ng Juda sa pintuang nasa pagitan ng dalawang pader na malapit sa hardin ng hari, samantalang nakapaligid pa sa lunsod ang mga Kaldeo at tumakas sila pa-Araba.

Hinabol ng mga Kaldeo si Haring Sedekias at naabutan siya sa kapatagan ng Jerico. Kayat napahiwalay sa kanya at nagkawatak-watak ang buo niyang hukbo. Nabihag ng mga Kaldeo ang hari at dinala siya sa Ribla sa lupain ng Hamat at doon siya hinatulan ng hari ng Babilonia. Sa harap niya, pinatay ng hari ng Babilonia ang kanyang mga anak na lalaki. Pagkatapos ay dinukit nito ang kanyang mga mata, ikinadena sa dalawang tanikalang tanso at dinala sa Babilonia.

Sa ikapitong araw ng ikalimang buwan ng ikalabinsiyam na taon ni Nabucodonosor na hari ng Babilonia, pinasok ni Nabuzaradang pinuno ng mga bantay at opisyal ng hari ng Babilonia ang Jerusalem. Sinunog nito ang Bahay ni Yawe at ang palasyo ng hari, at lahat ng mahahalagang bahay sa Jerusalem.

Giniba ng hukbong Kaldeo sa pamumuno ng pinuno ng mga bantay ang lahat ng pader na nakapaligid sa Jerusalem.

Binihag at dinala ni Nabuzaradang pinuno ng mga bantay ang labi ng mga taumbayang nanatili sa lunsod, ang mga sumapi sa hari ng Babilonia at ang nalalabi pa sa mga mang-gagawa. Ngunit iniwan niya ang mga hamak at karaniwang tao para magtrabaho sa mga ubasan at magbungkal ng lupa.

Ebanghelyo: Mateo 8:1-4

*P*agkababa ni Jesus mula sa bundok, maraming tao ang sumunod sa kanya.

Lumapit sa kanya ang isang may ketong, at paluhod na nagsabi: "Ginoo, kung gusto mo, mapalilinis mo ako." Iniunat ni Jesus ang kanyang kamay, hinipo siya at sinabi: "Gusto ko, luminis ka!" Nang oras ding iyo'y gumaling ang lalaki sa kanyang ketong. At sinabi ni Jesus sa kanya: "Mag-ingat ka, huwag mong sasabihin ito kanino man, kundi pumunta ka sa pari para suriin ka niya at ialay ang handog na iniutos ni Moises upang magkaroon sila ng patunay."

BIRTHDAY: Rev. Fr. Jose P. Casas, Jr.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Rudy M. Tulibas

Pagmamasisid

Kapag may kailangan ka, tinatanong mo ba muna ang kaibigan kung handa siyang tumulong, bago ka humiling?

Paghahawi

Lumapit kay Jesus ang isang may ketong, at paluhod na nagsabi: "Ginoo, kung gusto mo, mapalilinis mo ako." Iniunat ni Jesus ang kanyang kamay, hinipo siya at sinabi: "Gusto ko, luminis ka!" Nang oras ding iyon, gumaling ang lalaki sa kanyang ketong.

Pagtatabas

Tulad ng ketongin, handa ka bang lumapit kay Jesus ng may kababaang-loob at pananalig?

Pagsasaayos

Buong kababaang-loob at pananalig na humingi ng kagalingan ang ketongin kay Jesus.

Nagsumamo muna siya kung gugustuhin ni Jesus na pagalingin siya. Hindi siya binigo ni Jesus. Ito ang paanyaya sa atin: sa bawat panalangin, isuko natin ang ating kahilingan sa kalooban ng Diyos.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, Dakilang Manggagamot, itinataas namin sa Iyo ang aming pagsusumamo para sa kagalingan ng aming kaluluwa at katawan. Nananalig kaming diringgin Niyo ang aming dalangin.

IKA-12 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 4 / (Luntian/Puti)

*Mahal na Birheng Maria /
San Cirilo ng Alejandria*

Salmo 74:1b-2, 3-5, 6-7, 20-21

*Iyong laging gunitain
mga lingkod mong butihin.*



Sabado
27 HUNYO

Unang Pagbasa:
Panaghoy 2:2, 10-14, 18-19

Ebanghelyo: Mateo 8:5-17

Pagdating ni Jesus sa Capernaum lumapit sa kanya ang isang kapitan at nakiusap sa kanya: "Ginoo, nakahiga sa bahay ang aking katulong. Lumpo siya at sobra na ang paghihirap..." Sinabi sa kanya ni Jesus: "Paroroon ako at pagagalingin ko siya."

Sumagot ang kapitan: "Hindi ako karapat-dapat para tumuloy ka sa bahay ko. Mag-utos ka lang at gagaling na ang aking katulong. May nag-uutos sa akin at may inuutusan din ako, at pag sinabi ko sa isa sa mga kawal na nasa ilalim ko: 'Pumaroon ka,' pumaparoon siya. At sinasabi ko naman sa isa pa: 'Pumarito ka,' at pumaparito siya; at sa aking katulong: 'Gawin mo ito,' at ginagawa niya ito."

Nang marinig ito ni Jesus, humanga siya at sinabi sa mga sumusunod sa kanya: "Sinasabi ko sa inyo, wala pa akong natagpuang ganitong

paniniwala sa Israel. Sinasabi ko sa inyo: marami ang darating mula sa silangan at sa kanluran para makisalo kina Abraham, Isaac at Jacob sa kaharian ng Langit. At itatapon naman sa kadiliman ang mga tagapagmana ng Kaharian; at doon ang iyakan at pagngangalit ng mga ngipin."

At sinabi ni Jesus sa kapitan: "Umuwi ka at mangyayari ang pinaniniwalaan mo." At gumaling ang katulong sa oras ding iyon.

Pagpasok naman ni Jesus sa bahay ni Pedro, nakita niya ang biyenan ni Pedro na may lagnat at nakahiga. Hinawakan niya ito sa kamay at nawala ang lagnat nito. Kaya bumangon ito at nagsimulang maglingkod sa kanya.

Pagkalubog ng araw, dinala nila kay Jesus ang mga taong inaalihan ng masasamang espiritu, at sa isang salita lamang ay napalayas niya ang mga ito. Pinagaling din niya ang mga maysakit. Sa ganitong paraan natupad ang sinabi ni Propeta Isaias: *Kinuha niya ang ating mga sakit at pinasan ang ating mga karamdaman.*

PARISH FIESTA: Parokya ng Ina ng Laging Saklolo Parish

Pagmamasiid

May kilala ka bang nakapagpagaling o nakapagpalakas ng loob ng iba sa pamamagitan lamang ng salita?

Paghahawi

Sinabi ng kapitan: "Hindi ako karapat-dapat para tumuloy ka sa bahay ko. Mag-utos ka lang at gagaling na ang aking katulong.... Sinabi ni Jesus: "Umuwi ka at mangyayari ang pinaniniwalaan mo." Gumaling ang katulong sa oras ding iyon.

Pagtatabas

Tulad ba ng kapitan ang pananalig ko sa kapangyarihan ni Jesus na makapagpagaling ang kanyang salita Niya?

Pagsasaayos

Makapangyarihan ang salita ni Jesus. Ginamit ng Diyos ang Kanyang salita para likhain ang mundo mula pa noong simula. Ipinakita ng kapitan ang malalim niyang pananampalataya, hindi niya hiniling na pumunta si Jesus sa kanyang bahay, kundi sinabi niyang sapat na ang isang salita mula sa Kanya. Inaanyayahan din tayo ng Diyos na magtiwala sa kapangyarihan ng Kanyang salita, sa panalangin, sa Ebanghelyo, at sa araw-araw nating buhay. Kaya't mag-ingat tayo sa bawat salitang binibitawan. Maaaring magpagaling, magpalakas, at magbigay pag-asa ang salita, pero maaari rin itong makasakit, makabagsak, o makasira. Gamitin natin ang salita para sa kabutihan, gaya ng ginagawa ni Jesus.

Pagdiriwang

Ama, mapahalagahan nawa namin ang bawat salita namin, upang makatulong sa kapwa at magbigay luwalhati sa Inyo.

At sinabi ni Eliseo kay Gehazi: “Ano kaya ang magagawa natin para sa kanya?” Sumagot ang binata: “Wala siyang anak at matanda na ang kanyang asawa.” Kaya sinabi ni Eliseo: “Tawagin mo siya.” Tinawag siya ng alalay, at tumayo ang babae sa may pintuan. Sinabi ni Eliseo: “Sa ganito ring panahon sa susunod na taon, kakargahin mo ang isang anak na lalaki.” Sumagot ang babae: “Hindi, O tao ng Diyos, panginoon ko. Huwag ninyong linlangin ang inyong lingkod.”

Nguniit kung kasama naman tayong namatay ni Kristo, dapat tayong maniwala na mabubuhay rin tayong kasama niya. Alam natin na hindi na mamamatay si Kristo matakapos ibangon. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan. Namatay na siya nang minsanan para sa kasalanan; pero buhay na siyang muli, at para sa Diyos ang buhay niya. Kayat ipalagay ninyo na kayo'y mga patay na para sa kasalanan at mga buhay naman para sa Diyos kay Kristo Jesus.

Ebanghelyo: Mateo 10:37-42

Ang mas nagmamahal sa kanyang ama o ina kaysa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. Ang mas nagmamahal sa kanyang anak kaysa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. At ang hindi nagpapasan ng kanyang krus at sumusunod sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. Ang nagpapahalaga sa kanyang sarili ang siyang mawawalan nito, at ang nawawalan naman ng kanyang sarili ang siyang makakatagpo nito.

Kung may tumatanggap sa inyo, tinatanggap din niya ako; at kung may tumatanggap sa akin, tinatanggap din niya ang nagsugo sa akin. Kung may tumanggap sa isang propeta dahil propeta ito, tatanggapin niya ang gantimpalang bagay sa isang propeta; kung may tumanggap sa isang mabuting tao dahil marangal ito, tatanggapin niya ang gantimpalang bagay sa isang mabuting tao. Kung may magpainom ng malamig na tubig sa isa sa maliliit na ito dahil sa alagad ko ito, sinasabi kong hindi siya mananatiling walang gantimpala.”



“Ang mas nagmamahal sa kanyang anak kaysa akin ay hindi karapat-dapat sa akin.”

Pagmamasiid

Nagmamahal ba tayo nang lubos sa ating mga magulang at anak?

Paghahawi

Paliwanag ni Jesus: “Ang mas nagmamahal sa kanyang ama o ina kaysa akin, hindi karapat-dapat sa akin. Ang mas nagmamahal sa kanyang anak kaysa akin, hindi karapat-dapat sa akin. Ang hindi nagpapasan ng kanyang krus at sumusunod sa akin, hindi karapat-dapat sa akin.”

Pagtatabas


Kaya ba nating tuparin ang sinabi ni Jesus, upang maging karapat-dapat sa Kanya?

Pagsasaayos

Hindi sinasabi ni Jesus na huwag nating mahalin ang ating mga mahal sa buhay. Mahalin natin ang mga magulang at anak para sa Diyos. Ang maging una Siya sa ating buhay ang ninanais Niya. Ang Diyos ang nararapat nating mahalin nang lubos. Galing sa Kanya ang lahat ng mayroon tayo. Ang pagpasan ng ating krus at pagsunod sa Kanyang kalooban araw-araw, nagpapakita ng ating pagmamahal, at magpapaligaya ng ating buhay.

Pagdiriwang

Banal na Santatlo, turuan Niyo kaming mahalin Kayo higit sa lahat.



DAKILANG KAPISTAHAN NINA APOSTOL SAN PEDRO AT SAN PABLO

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 34:2-3, 4-5, 6-7, 8-9

*Iniingatan ng anghel ng Panginoon
ang mga may takot sa kanya.*

Unang Pagbasa: Mga Gawa 12:1-11*

Ikalawang Pagbasa:
2 Timoteo 4:6-8, 17-18

Ebanghelyo: Mateo 16:13-19

Pumunta noon si Jesus sa may dakong Cesarea ni Filipo. Tinanong niya ang kanyang mga alagad: “Ano ang Anak ng Tao para sa mga tao? Sino ako para sa kanila?” Sumagot sila: “May nagsasabing si Juan Bautista ka; may iba pang nagsasabing si Elias ka o si Jeremias o isa sa mga propeta kaya.” Sinabi niya sa kanila: “Ngunit sino ako para sa inyo?” At sumagot si Simon Pedro:

“Ikaw ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos na Buhay.” Sumagot naman si Jesus: “Mapalad ka, Simon Bar-Yona, hindi nga laman at dugo ang nagbunyag nito sa iyo kundi ang aking Amang nasa Langit.

At ngayon sinasabi ko sa iyo: Ikaw si Pedro (o Bato) at sa batong ito ko itatayo ang aking Iglesya; at hinding-hindi ito madadaig ng kapangyarihan ng kamatayan. Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng Langit: ang itali mo dito sa lupa ay itatali rin sa Langit, at ang kalagan mo dito sa lupa ay kakalagan din sa Langit.”

Pagmamaisid

Paano mo masasabing kilala mong tunay ang iyong mga mahal sa buhay?

Paghahawi

Tanong ni Hesus, “Sino Ako para sa inyo?” Sumagot si Simon Pedro: “Ikaw ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos na Buhay.” Sa tugon na ito, kinilala ni Jesus si Pedro bilang bato ng pananampalataya, at ipinagkatiwala sa kanya ang mga susi ng kaharian.

Pagtatabas

Sino si Jesus para sayo? Handa ka bang kilalanin Siya hindi lamang sa salita, kundi sa pagsunod sa Kanyang kalooban?

Pagsasaayos

Patuloy nating kinikilala ang mga mahal sa buhay habang sila’y nagbabago. Ngunit si Jesus ay hindi nagbabago sa Kanyang pagmamahal at awa. Nakikilala natin Siya sa Mabuting Balita, sa Misa, sa panalangin, at sa kapwa—lalo na sa mga nangangailangan. Sa Eukaristiya, tinatanggap natin ang Kanyang presensya at paanyaya: “Kilalanin mo Ako, sundan mo Ako.”

Sa kapistahan nina San Pedro at San Pablo, inaalala natin ang kanilang matatag na pananampalataya. Si Pedro, naging haligi ng Simbahan; si Pablo, tagapagdala ng Mabuting Balita. Tularan natin sila, kilalanin si Jesus, ipahayag Siya, at sundan Siya nang buo ang loob.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, nais naming makilala pa Kayo. Palalimin at palakasin mo ang aming pananampalataya.

IKA-13 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Pula)

*Mga Unang Martir ng Banal na
Sambayanan ng Diyos sa Roma*

Salmo 5:4b-6a, 6b-7, 8

*Poon, ako'y pangunahan
nang landas mo'y aking sundan.*



Martes
30 HUNYO

Unang Pagbasa: Amos 3:1-8; 4:11-12

Pakinggan ang salita ni Yawe laban sa inyo, mga taga-Israel, laban sa buong angkang pinalabas niya mula sa Ehipto. Sa inyo lamang ako nakipagkilala sa lahat ng angkang sa lupa; kaya parurusahan ko kayo sa isang tanging paraan sa inyong mga kasalanan.

Magkasama kayang lumalakad ang dalawa kung hindi sila nagkakasundo? Umuungol ba ang leon sa gubat kung wala itong biktima? Umuungol ba sa lungga ang batang leon kung wala itong huli? Nahuhuli ba ang ibon sa bitag na walang pain? Umiigkas ba sa lupa ang bitag kung wala naman itong huli? Sa pagtunog ng trumpeta sa isang lunsod, hindi ba't matatakot ang mga tagaroon?

Kung may kapahamakan sa lunsod, hindi ba't ginawa iyon ni Yawe? (Ngunit walang ginagawa si Yawe nang hindi inihahayag ang kanyang plano sa kanyang mga lingkod, ang mga propeta.) Kapag umungol ang leon, sino ang di matatakot? Kapag nagsalita si Yawe, sino ang di magpopropesiya?

"Ibinagsak ko kayo, gaya ng pagbagsak ng Sodom at Gomorra; para kayong nasusunod na patpat na inagaw sa apoy ngunit hindi parin kayo nagbalik sa akin," sabi ni Yawe.

Kaya alam ko na kung ano ang gagawin ko sa iyo, israel. At dahil gagawin ko ito, humanda ka, israel, sa pakikipag-harap sa iyong Diyos!"

Ebanghelyo: Mateo 8:23-27

Sumakay si Jesus sa bangka at sumunod sa kanya ang mga alagad niya. Walang anu-ano'y nagkaroon ng malakas na bagyo sa lawa at parang matatabunan na ng mga alon ang bangka. Ngunit tulog si Jesus.

Ginising siya nila na sumisigaw: "Panginoon, saklolo! Mamamatay tayo!" At sinabi ni Jesus: "Ba't kayo natatakot, kayong napakaliit ng paniwala?" Bumangon siya at inutusan ang mga alon at hangin, at tumahimik ang lahat.

Nagulat ang mga tao at sinabi nila: "Anong klaseng tao ito? Sumusunod sa kanya pati mga hangin at dagat."

Pagmamasid

Kanino ka bumabaling kapag nakakaramdam ka ng matinding pagkabalisa at pangamba?

Paghahawi

Ginising si Jesus ng mga alagad na sumisigaw: "Panginoon, saklolo! Mamamatay tayo!"

Sinabi ni Jesus: "Ba't kayo natatakot, kayong napakaliit ng paniwala?" Bumangon siya at inutusan ang mga alon at hangin, at tumahimik ang lahat.

Pagtatabas

Lumalapit ka rin ba kay Jesus, kapag nararamdaman mo ang kaba at pag-aalala?

Pagsasaayos

Hindi tayo pinababayaan ni Jesus sa oras ng pagsubok at pangamba. Tumawag lang tayo sa Kanya. Ang ating pananampalataya sa Kanya ang magbibigay sa atin ng lakas ng loob na kayanin, suungin at pasanin ang mga pagsubok sa ating buhay. Magtiwala tayo sa Kanyang presensya sa ating buhay at sa kapayapaang dulot Niya.

Pagdiriwang

Jesus, Kayo ang aming lakas at matibay na kanlungan. Sa presensiya Niyo, wala kaming katatakutan.